# Ang Binhi Ay Hindi Kasamang Tagapagmana Ang Talukap

Manatili tayong nakatayo para sa isang sandali ng pananalangin. Iyukod natin ang ating mga ulo.

2 Minamahal na Diyos, itinuturing po namin ito na isang dakilang pribilehiyo, ngayong gabi, na maparito sa okasyong ito, upang dalhin ang isang buhay na Cristo sa isang naghihingalong sanlibutan at isang naghihingalong lahi.

3 Hinihiling namin, Panginoon, na Iyong pahiran ang aming mga salita at ang aming pagsusumikap, na hindi babalik ang mga ito sa Iyo nang walang kabuluhan, kundi matupad nawa ng mga ito ang nilalayon na magampanan ng mga ito.

4 Tulungan Mo po ang bawat lalaki, babae, batang lalaki, o batang babae, dito ngayong gabi, na nangangailangan. At, Ama, alam namin na kaming lahat ay nangangailangan. At sa pag-alis namin, ngayong gabi, maramdaman nawa namin sa aming mga puso katulad ng sa mga nanggaling noon sa Emaus, pagkatapos ng . . . na nasaksihan noon ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, na nagsasabi, "Hindi baga nag-aalab ang ating mga puso sa loob natin habang kinakausap Niya tayo sa daan?" Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

5 Iyong pagalingin ang mga maysakit at mga nahihirapan. Wala na nawang nanghihina sa amin pagkatapos ng gawain ngayong gabi. At higit sa lahat ng mga bagay, wala na nawa ni isang di-mananampalataya pa, Panginoon. Manampalataya nawa silang lahat tungo sa Buhay na Walang Hanggan, sapagkat iyon ang aming layunin sa pagsasama-sama rito.

6 Hinihiling po namin ang mga pagpapalang ito sa karangalan ng Kaharian ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. Amen.

Makakaupo na kayo.

7 Mainam, ngayong gabi, na makabalik dito. At nakikita ko mayroon tayong ilan na nakatayo sa palibot, at palagay ko ang—ang mga telepono ay bukas na ngayon, sa maraming iba't ibang siyudad sa buong bansa; sa San Francisco, Tucson, doon sa silangan. At kami, sa pamamagitan ng telepono, ay ipinahahatid ang pagbati sa kanila. Narito kami sa auditorium ngayong gabi. At ang pinaka auditorium ay punung-puno na, at ang mga pasilyo; at sa palibot ng mga pader, ay punung-puno ng mga nangakatayong tao. At sa pagkakaintindi natin ay bukas ng gabi sisikapin naming mabuksan ang isa pang bahagi rito, papunta

roon sa gym, at kumuha ng mas malaking auditorium para magkasya pa ang marahil ilang libo pang katao. Kaya inaasahan natin iyon, bukas ng gabi. Kung mapupuno ito ngayong gabi, ang unang gabi, aba, naniniwala tayo na mas dadami pa bukas ng gabi. At nakikita ko na naglagay din sila ng mga karagdagang silya, at lahat na, ngayong gabi.

8 Labis ang ating pag-asam; una, sa Pagparito ng Panginoong Jesus; ang sumunod, sa kaligtasan ng. . .sa mga naliligaw na tatanggap sa Kanya ngayong gabi at magiging handa para sa Kanyang Pagparito kapag Siya'y magpapakita na.

9 Gusto kong mag-alay ng isang natatanging pagbati at malugod na pagtanggap sa lahat ng mabubuting taong ito na nasa entablado, na sa pagkakaintindi ko'y marami sa kanila ay mga ministro. Mga ilang daan, o higit pa, na nakaupo sa entablado, at tunay tayong nagpapasalamat na sila'y naririto.

10 Sa inyong lahat na mga tao, saan man kayo naroroon, sa iba't ibang bahagi ng bansa. . .At sa pagkakaintindi ko'y ang ilan ay narito mula pa sa ibayong dagat, ibang lupain. Kaya kami'y nagpapasalamat na nakaparito kayo upang masiyahan sa pakikisama sa amin, na inaasam nating ipagkakaloob sa atin ng Diyos habang nasa pagtitipon na ito.

11 Para bang, simula noong maisip kong magbalik para sa ilang mga araw na ito ng pagtitipon, na ang mismong puso ko ay naalarma nang kakaiba ng isang masidhing pakiramdam na may bagay na napipintong maganap. Hindi ko alam sadyang kung ano iyon, subalit umaasa ako na ito'y isang dakilang kapahayagan mula sa Diyos, na magiging—maghahanda sa atin at gagawin tayong mas mabuting mga mamamayan ng Kanyang Kaharian habang tayo'y lumalakad dito sa madilim na mundo ng kasalanan at kawalang pananampalataya.

12 Ang lupang ito ngayong gabi, ang dakong ito mismo, ay nagtataglay ng isang mahalagang bagay sa akin. Simula noong malaman ko na itinayo nila itong auditorium ng paaralan dito, hinangad ko nang magdaos ng isang gawain sa lugar na ito. Lubos akong nagpapasalamat sa pamunuan ng paaralan at sa kanila na malugod na nagpaunlak sa atin dito.

Dito mismo sa lugar na ito, sa mismong kung saang dako na kinatatayuan ng gusaling ito ngayong gabi, kung saan isang dakilang bagay ang nangyari mga tatlumpung taon na ang nakalilipas, mismong sa siya ring lugar na ito. Ito'y walang anuman kundi isang talahiban noong panahong iyon. At nakatira ako noon sa isang maliit na bahay lampas lang dito, mga dalawandaang yarda. Ako'y talagang nag-aalala noong panahong iyon tungkol sa kaligtasan ng aking ama at ina. Na, parehong wala na sila ngayong gabi. At lalung-lalo na, noong panahong iyon, nag-aalala ako sa aking tatay. Naaalala ko,

natutulog ako noon sa balkonahe. Mainit noon, panahon ng tag-araw.

13 Nakasulat ito, palagay ko, sa maliit na aklat na tinatawag na *Si Jesus Cristo Ay Siya Ring Kahapon, Ngayon, At Magpakailanman,* o kaya'y doon iyon sa maliit na aklat na tinatawag na *Hindi Ako Naging Suwail Sa Makalangit Na Pangitain.*

14 At habang nakahiga noon doon sa balkonahe, bigla akong nagising, at isang álalahanín ang dumating sa puso ko para sa kapakanan ng aking ama. Na, marami sa inyong mga tao rito sa bayan ay kilala ang tatay ko. Sa palagay ko'y isa siyang dakilang lalaki, bagama't isa siyang makasalanan. At, ngunit may masamang bisyo siya, na sinikap kong makipaglaban sa bagay na iyon sa abot ng makakaya ko, sa pagdaraan ng panahon, 'yun ay, ang paglalasing. At noong gabing iyon siya'y naglalasing. At nagising ako na may masidhing álalahanín sa aking puso para sa kanyang kapakanan. At suot ko lamang ang aking damit pangtulog, mabilis kong isinuot ang aking pantalon, naiwang nakasuot ang kamiseta kong pangtulog; nagpagala-gala ako sa buong talahibang ito, mga kung saan lang ito nakatayo ngayon, at ako'y lumuhod para ipanalangin ang aking tatay.

15 At habang ako'y nananalangin at hinihiling sa Diyos na iligtas siya at na huwag—huwag siyang hayaang mamatay na isang makasalanan, na mahal ko siya; at habang ako'y nasa pananalangin, tumayo ako upang tumingin doon sa silangan mula rito, at nagkaroon ng isang pangitain. At nakatayo sa bandang itaas ko lang, marami sa inyo ang nakakaalam na ng pangitaing iyon, ay ang Panginoong Jesus.

16 Ngayon, hindi ako maramdamin sa mga guni-guni, sa pagkakaalam ko. Ngunit ang mga pangitain ay tunay. At naroong nakatayo ang Panginoong Jesus, ang unang pagkakataon na nakita ko Siya sa ganoong uri ng pangitain. Siya'y mga, oh, siguro'y sampung talampakan sa may ulohan ko, nakatayo sa gitna ng ere, na pahakbang ang isang paa. Nakasuot Siya ng isang puting kasuotan, may lamuymoy paikot sa gilid niyon. Mayroon Siyang buhok na hanggang sa Kanyang mga balikat. Siya'y mukhang nasa, isang Lalaki na gaya ng kung ano ang sinabi ng Biblia tungkol sa Kanya, mga tatlumpu. Ngunit, isang maliit, na payat na Lalaki, napakaliit, para bang hindi Siya tumitimbang ng hihigit sa isandaan at tatlumpung libra.

17 At tumingin ako, at naisip ko na may isang bagay yata, na baka nagkakamali lang ako. Kaya ko—kinuskos ko ang aking mga mata at—at tumingala muli. At nakatayo Siya nang medyo patagilid, ang mukha Niya na para bang mula sa tagiliran. At ang itsura ng Kanyang mukha, na noon pa'y palagi ko nang

nakikita sa mga pangitain, ay katulad ng ipininta ni Hofmann na ulo ni Cristo sa edad na tatlumpu. Iyon ang dahilan kaya mayroon ako niyon sa bahay ko, sa aking mga inililimbag na babasahin, saan ko man mailalagay iyon, dahil ganoon ang itsura niyon, halos ganoon. Lamang, medyo maliit Siya.

18 At habang nakatingala ako sa Kanya, naisip ko, "Tiyak na hindi ako nakatingin sa Panginoon ko na nakatayo roon." At ako'y para bang, masasabi kong, *nakaganitong* posisyon, at marahil mismong nasa kung saan *itong*, sa may kinalalagyan nitong pulpito ngayon. Sa isang dako, dito mismo iyon sa kapaligiran na ito, nakapaloob, na may sukat na saklaw ng kinatatayuan ko, sa pinakamalapit na tantiya ko, ay nasa apatnapu o limampung yarda sa isang dako sa paligid ng lugar na ito rito, nitong pabilog.

19 At tumingala ako, at Siya'y nakatayo roon. At kinagat ko ang aking daliri, para malaman kung tulog ba ako. Alam n'yo na kung papaano ninyo. . . Sadyang para bang hindi puwedeng maging ganoon. At bata pa lang ako sa Panginoon noon, mga anim na buwan na akong nangangaral. Kinagat ko ang aking daliri. Kinuha ko 'yung talahib at binali iyon. At marami sa inyo na mga taong nakatira sa lalawigan, ay alam kung ano 'yung maliit na pantinga, ang itsura nun, na nasa mga talahib. Nagsimula akong ngumuya niyon. At sabi ko, "Ito—hindi maaari. Ako'y nananaginip. Hayun ang aking tahanan. Naroon si tatay, si nanay, at ang mga bata roon. Hayun ang lumang lawa ng ladrilyong bahay na dating nakatayo rito, kung saan ako nanghuhuli dati ng mga pato, na mga dalawandaang yarda lang ang layo mula rito. At heto akong nakatayo sa bukid; tiyak na ganoon na nga ito."

20 Sumipa ako sa lupa, medyo ipinadyak ang aking paa, at niyugyog ang aking ulo, at—at pinagkiskis at pinagpisil-pisil ang aking mga kamay, tumingala muli; tumingin sa malayo, tumingin muli, at naroon nga Siya, nakatayo roon. At nagsimulang umihip ang hangin, at nakita ko na hinahangin ang talahiban. At noong nagsimula nang umihip, ang Kanyang kasuotan ay hinangin din kasabay nito. Katulad ng mga damit na nakasabit sa sampayan, nagsimula iyon na—na palipad-liparin ng hangin. Siya'y nakatayo roon. Pinagmasdan ko iyon.

21 At sa loob-loob ko, "Kung makikita ko lang sana ang Kanyang mukha!" At nakatingin Siya sa silangan, sa gawing *ito* mismo. Pinagmamasdan Niya iyon, nang husto. At umusog ako, para humakbang, upang makita ko nang malapitan ang Kanyang mukha. At hindi ko pa rin Siya makita nang husto. Nakahalukipkip Siya, medyo nakatago kung saan ako nakatayo.

22 Muli akong umikot. At nilinaw ko ang aking lalamunan, para bang ganito, nagganito, "hum," para alamin kung makukuha ko ang Kanyang pansin. Ngunit hindi Siya kumilos.

23 Pagkatapos naisip ko, "Marahil ay tatawagin ko na lang Siya." Noong sinabi ko, "Jesus," ay lumingon Siya. At nang tingnan Niya ako, inilahad lang Niya ang Kanyang mga kamay palabas. Iyon lang ang naaalala ko. Dahil, mga malapit nang magbukang-liwayway, nakahiga ako mismo rito sa isang dako sa kinaroroonan ng lugar na ito ngayon, sa bukid; basang-basa sa mga luha ang kamiseta kong pangtulog, kung saan ako'y matagal nang umiiyak. At nawalan ako ng malay.

Ang Kanyang mukha ay may mga katangian na walang pintor na kayang—makakayang iguhit o ipinta iyon. Hindi nila kayang gawin iyon. Siya'y tila ba isang Lalaking, kung titingnan mo Siya, gusto Niyang umiyak sa habag, at irerespeto mong may pagpipitagan; at gayunma'y may sapat Siyang kapangyarihan na, kung magsasalita, ay mababaligtad nito ang sanlibutan. At ang mga katangiang iyon ay hindi kailanman maipipinta ng isang pintor.

24 At hindi ko alam hanggang sa araw na ito kung ano ang ibig sabihin niyon. Ngunit narito ako ngayong gabi, pagkatapos ng tatlumpung taon, nakatayo sa isang auditorium na inihandog ngayon sa paglilingkod para sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat. At ako, na isa lamang noon—isang karaniwang kasapi, lang talaga, isa lamang—isang lokal na elder sa—sa iglesyang Baptist dito, na si Roy Davis ang pastor noong panahong iyon. At ngayon ay nakatayo ako dito na punung-puno ang lugar na ito, mismo sa siya ring lugar, kasama ang. . . na sa aking pananaw, ay ang mga binili ng Dugo ni Jesus Cristo Mismo, na nasa aking mga kamay, upang ihatid itong apat na araw na Mensahe ng Panginoon.

25 Mga anim na buwan lang pagkatapos niyon, ginanap ko ang unang pagbabautismo ko rito sa ilog, noong bumaba ang Liwanag dito mismo sa Spring Street. Gusto marahil ng marami sa inyo na mga tao na pumaroon at tingnan iyon, sa Spring Street at tubig, mismo sa tabi ng ilog. At doon unang nagpakita sa publiko ang Anghel ng Panginoon, at sa ganap na alas-dos, isang hapon. At isang Tinig ang nagmula roon, sabi, "Kung papaanong isinugo si Juan Bautista upang maihanda ang unang pagparito ni Cristo, ang iyong Mensahe ay ihahanda ang ikalawang Pagparito."

26 Ito ay tatlumpung taon na ang nakalipas, at heto pa rin ako, ngayong gabi, ipinapahayag ang Mensaheng iyon. At inikot na Nito ang buong mundo, at ako'y nagagalak na makabalik sa sarili kong bayan, ngayong gabi, upang kumatawan dito sa Panginoong Jesus Cristo na iniibig ko pa rin nang buong puso ko. Bawat araw ay mas lalo pa Siyang nagiging magiliw kaysa sa nakalipas na araw. Hindi ako nagbago ni isa mang katiting sa aking Doktrina. Ang unang bagay na inumpisahan ko, ay pinaniniwalaan ko pa rin ang siya ring bagay ngayong gabi. Siya

ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ngayon ay mayroon akong isang Mensahe na pananagutan ko.

27 Noong unang nag-umpisa ang Mensahe, ito'y, siyempre, lahat; nananalangin noon para sa mga maysakit, dakilang mga tanda, mga kababalaghan, at mga himala. Iyon ay nagsimula, lalo na sa mga taga-Pentecostal, isang pangkalahatang rebaybal ng mga kampanyang ukol sa pagpapagaling na lumaganap sa mundo. Sa loob ng labinlimang ganap na mga taon ay nagkaroon ng mga rebaybal sa bawat burol, palagay ko, nag-aalab na mga apoy ng rebaybal. Tunay nga na milyun-milyon ang tumanggap kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas, sa pamamagitan ng iisang atas na iyon. Iyon ay nagbigay-inspirasyon, mula roon, kay Oral Roberts, at sa mga iba pa, at nagpatuloy nang nagpatuloy, habang ito'y lumilibot.

28 Pagkatapos, ang iglesyang Pentecostal ay nakahandusay na sa ganap na paghina nito, katulad noon. Ang aking layunin at hangarin, ngayong gabi, ay para gisingin ang iglesyang iyon, na muli, tungo sa nalalapit na Pagparito ng Panginoong Jesus. Kailangan ko itong sawayin. Kailangan kong sawayin ang kasalanan sa anumang uri niyon. Hindi ko ipinapatungkol 'yon sa denominasyon ninuman. Mayroon akong Mensahe.

29 Ngayon, mahirap makapasok sa isang iglesya para itaguyod ka, katulad lamang noon sa ating Panginoong Jesus, 'pagkat Siya iyon; hindi ako. Ngunit kung papaanong nangaral Siya noong una, at nagpagaling ng mga maysakit, bumuhay ng mga patay, at nilinis ang mga may ketong, at nagpalayas ng mga demonyo, ninais Siya ng lahat. Ngunit may dumarating na panahon kung saan may isang Mensahe na palaging sumusunod sa bawat tanda, dahil may tinig ang tanda na iyon.

30 Subalit nang maupo Siya isang araw, at nagsabi, "Ako at ang Aking Ama ay Iisa," higit na 'yon sa kanilang makakayanan. Iyon ay, gayundin, nang Kanyang sabihin, "Maliban na kainin ninyo ang laman ng Anak ng tao at inumin ang Kanyang Dugo, ay wala kayong Buhay sa inyo."

31 "Papaano?" Aba, ang mga doktor at ang marurunong na mga tao marahil ay magsisipagsabing, "Isang taong bampira ang Lalaking ito, na sinisikap na pakanin kayo ng Kanyang laman at painumin ng Kanyang Dugo." Hindi Niya kailanman ipinaliwanag iyon. Sinabi lang Niya.

32 At ngayong gabi ay maaaring makarinig kayo ng mga bagay-bagay, at sa pagpapatuloy ng pagtitipon, na basta nabanggit lang. Maaaring hindi namin maipaliwanag iyon. Ngunit, tandaan n'yo, si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sinasampalatayanan natin iyon.

33 Ngayon, wala na tayong panahon pa upang makapag-usap nang husto, dahil may takdang oras tayo para magsimula rito at takdang oras para lumabas. At gusto nating igalang ang

pamunuan ng paaralan na nagtakda ng mga oras na ito para sa atin, at gagawin natin ang lahat ng makakaya natin upang igalang sila.

34 Tandaan, sa anumang oras na gustong lumapit ng isang makasalanan kay Cristo, ang kailangan mo lang na gawin ay lumapit mismo, maging ako man ay nangangaral, umaawit, anuman iyon, at ibigay mo ang iyong buhay kay Cristo kaagad-agad, tumayo sa iyong kinauupuan. Iyon ang ipinarito namin, ang matulungan namin kayo.

35 Gusto kong kausapin sina Kapatid na Vayle, Kapatid na Rober-. . .Borders, at ang mga kapatid dito. Kung. . .Iniisip ko kung hindi kaya nila magagawang magsagawa, sa iglesya, sa hapon, o sa isang umaga, o kung ano man, ng gawaing pagtuturo para sa mga naghahangad ng bautismo ng Banal na Espiritu. Ayos lang ba iyon, kayong mga kapatid? Si Kapatid na Neville at lahat kayo ay puwedeng pumunta roon, at si Kapatid na Capps. Kung may sinuman na gustong maturuan sa pagkakaroon ng bautismo ng Banal na Espiritu, bakit hindi kayo pumunta sa tabernakulo. . .Ano ba ang pinakamainam, sa umaga o sa hapon?

36 [May isang nagsasabi, “Umaga.”—Pat.] Umaga, mga alas-diyes? Mga alas-diyes ng umaga.

37 Kung may katanungan kayo tungkol sa Doktrina, kung may tanong kayo tungkol sa Mensahe, kung kayo—kung gusto n’yong. . .hindi pa kayo naalalayan, nang personal, kung gusto ninyong maipanalangin, o anumang bagay na gusto ninyong malaman sa mga ganoong uri, bakit hindi kayo sumaglit roon ng alas-diyes ng umaga at makipagkita sa mga taong ito. May isa o higit pa sa kanila ang paroroon upang magturo, upang manalangin para sa mga maysakit, upang sumagot ng mga tanong. Parang katulad lang ng mga tauhan ng isang tanggapan, buweno, siya. . .Lapitan n’yo lang sila, at sila’y magagalak na tumulong sa inyo sa anumang paraan na magagawa nila.

38 Ngayon, bago lamang tayo tumungo sa Salita, gusto nating lumapit sa May-Akda ng Salita muli. Maaaring kumakain kayo nang labis; maaaring umiinom kayo nang labis; maaaring tumatawa kayo nang labis; maaaring naglalakad kayo nang labis; ngunit hindi kayo makapananalangin nang labis. “Ibig ko sana na manalangin ang mga tao sa bawat dako, na itinataas ang mga banal na kamay nang walang pag-aalinlangan o galit.”

Tayo’y manalangin.

39 Minamahal na Jesus, May-Akda ng Salita ng Buhay, at Ikaw ang Salita na iyon, taimtim kami ngayong lumalapit sa Iyo pagkatapos ng pagpapaliwanag tungkol sa naturang pangitain. Na, Diyos, pinatototohanan Mo po ako na iyon ay totoo. Panginoong Jesus, idinadalangin ko na Iyong papahiran ang mga salita ngayong gabi sa pakinig ng bawat tainga na

nasa ilalim ng Makalangit na tunog. At kung mayroon mang ilan dito, o nakikinig, sa buong bansa, kung hindi pa sila handa at nakapaghanda sa oras na ito upang harapin ang hamon ng panahong ito, ang Mensahe mula sa Diyos, upang magsisi at upang maging handa, sapagkat papalapit na ang Kaharian ng Diyos. Dalangin namin na maging gayon nga, ngayong gabi, sa kanila, na kanilang makatagpo ang hamon ng oras na ito.

40 Oh Diyos, ako po'y dumadalangin ng tulong, nalalaman ang responsibilidad at kung ano ang kahulugan nito, at kung ano ang dapat kong panagutan sa Araw ng Paghatol, sa lahat ng sinasabi ko rito at sa iba pang dako. Tulungan Mo po akong maging tunay na matapat, Panginoon, sa lahat ng aking ginagawa o sinasabi sa Iyong Salita, nang sa gayon ay mamunga ito. Sapagkat, katulad ng Iyong iniatas, "Ang Salitang ito ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig; kundi pagbulay-bulayan ito, araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat sa kautusan. At kung magkagayon iyong pagiginhawahin ang iyong mga lakad, at kung magkagayon ika'y magkakaroon ng mabuting tagumpay. Hindi ba Kita inutusan? Magpakalakas ka at magpakatapang na mabuti, sapagkat ang Panginoon mong Diyos ay sumasa iyo saan ka man pumaroon." Panginoong Jesus, gawin Mo po iyon, ngayong gabi. Dalangin namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

41 Biyernes at Sabado, simula alas-diyes hanggang alas-dose, doon sa tabernakulo sa 8th at Penn Street, ay magkakaroon ng mga pagtuturo, mga sagot sa doktrina, pananalangin para sa mga maysakit, at iba pa. Pumaroon kayo mismo kung mayroon kayong anumang tanong, anumang bagay na kailangan ninyo. May mga kalalakihan doon na—na mangangasiwa rito. Pagpalain kayo ng Panginoon.

42 Ngayon, para sa pagbubukas na gawain na ito ngayong gabi, wala akong magagawang anuman kundi buksan na ito kaagad sa ating Mensahe. Iyan ang ating ipinarito, at ngayon iyan din ang binalikan ko.

At sa Linggo ng umaga, kung kalooban ng Panginoon, ay gusto kong harapin 'yung malaking hamon ng panahon, tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*.

43 Ngayon, sa Mga Taga Galacia 4:27, gusto kong basahin ang Mga Salitang ito, 4:27 hanggang 31, lahat ng nakapaloob.

> *Sapagka't nasusulat, Magsaya ka, oh baog na hindi nanganganak; magbiglang umawit at humiyaw ka, ikaw na hindi nagdaramdam sa panganganak: sapagka't higit pa ang mga anak ng pinabayaan kay sa mga anak ng* mayroong *asawa.*
>
> *Ngayon tayo, mga kapatid, tulad ni Isaac, ay mga anak sa pangako.*

*Datapuwa't kung papaanong yaong ipinanganak ayon sa laman ay nagusig sa ipinanganak ayon sa Espiritu, ay gayon din naman* ito *ngayon.*

*Gayon man ano ang sinasabi ng kasulatan? Palayasin ang* aliping babae *at ang kaniyang anak: sapagka't hindi magmamana ang anak ng* babaeng alipin *na kasama ng anak ng babaing malaya.*

*Kaya nga, mga kapatid, hindi tayo mga anak ng* babaeng alipin*, kundi ng babaing malaya.*

44 Ang Panginoon ay magdagdag nawa ng Kanyang pagpapala sa pagbasa ng Kanyang Salita. Ngayon, naniniwala ako rito na kumukuha ako ng isang paksang tulad nito, na talagang kakaiba, di-pangkaraniwan. Ngunit kung minsa'y nasusumpungan natin ang Diyos sa mga kakaibang di-pangkaraniwang mga oras, di-pangkaraniwang mga paraan, di-pangkaraniwang mga bagay, dahil sa ang Diyos ay di-pangkaraniwan. At 'yung mga tunay na naglilingkod sa Kanya mula sa kanilang puso, ay naglilingkod sa Kanya sa isang di-pangkaraniwang kaparaanan, sa mga bagay o sa mga kaparaanan ng sanlibutan. Ang paksang ito ay tinatawag na: *Ang Binhi Ay Hindi Kasamang Tagapagmana Ang Talukap.*

45 Si Pablo rito ay nangungusap tungkol sa literal na binhi na dalawang anak ni Abraham. Si Pablo, sa kagalakan, ay inilalagay ang kanyang sarili sa posisyon ng kapanganakan sa pamamagitan ng malayang babae.

46 Ngayon, alam natin na may dalawang anak si Abraham, sa dalawang magkaibang babae. Pinangakuan siya ng Diyos kay Sarah, sa pamamagitan ni Sarah, pala, na may isisilang na isang Anak na Lalaki, at sa pamamagitan ng Anak na ito ay pagpapalain ang sanlibutan. Ang lahat ng mga bansa ay mapagpapala sa Anak na ito. At iyon ay karaniwang pinaniniwalaan, lalung-lalo na ng mga Judio, na iyon ay si Isaac, ngunit hindi. Ang ipinangakong Anak na iyon ni Abraham ay si Jesus, at Siya ay mula sa Maharlikang Binhing pangako, kay Abraham. Ngunit sa pagkakaroon ni Abraham ng dalawang anak na lalaki . . .

47 Ang isa, sa pamamagitan ni—ni Hagar, na alila ng kanyang asawa; isang kaibig-ibig, na magandang alila na taga-Egipto na kinuha ni Abraham doon sa Egipto para sa kanyang asawa, upang maging kanyang . . . alila ng kanyang asawa. At si Sarah, sa pag-iisip na hindi makakayang tuparin ng Diyos ang lahat ng Kanyang pangako, sinabihan niya si Abraham na kunin si Hagar, ang kanyang alila, at gawing asawa ito, (na iyon, ang pag-aasawa ng marami ay legal noong mga panahong iyon) at upang maisilang ang naturang anak; at sa ganoong paraan daw iyon plinano ng Diyos, na magkakaroon si Sarah ng anak sa

pamamagitan lamang ni Hagar. Ngunit napag-alaman natin na hindi iyon ganoon.

48 Ngayo'y ating nauunawaan, din, na ang Diyos ay nagiging sakdal sa tatlo. Ngayon, ang Diyos ay "nagiging sakdal" sa *tatlo*. Ang "biyaya" ay *lima*. Ang *pito* ay "kaganapan," katulad ng sanlibutan.

Ang Diyos ay nagiging sakdal sa Ama, Anak, Banal na Espiritu. Iyon ang kasakdalan ng Pagka-Diyos. Lahat sa iisa lamang na Diyos, sa tatlong kahayagan, ng tatlong katangian ng isang opisina, o tatlong opisina ng iisang Pagka-Diyos.

49 Ngayon, mayroon ding tatlo sa kasakdalan, sa mga hakbang ng biyaya, para sa Iglesya; ang pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu. Iyon ang bumubuo sa Bagong Kapanganakan, katulad ng ang isang natural na kapanganakan ay itinitipo nito. Na, ang isang babae na nagsisilang ng isang sanggol, ang unang lumalabas ay tubig, dugo, at pagkatapos ay buhay.

Ang sabi ng Biblia, sa Unang Juan 5:7, o 7:5, sa palagay ko 'yon, na nagsabi, "May tatlong nagpapatotoo sa Langit; ang Ama, ang Salita," na siyang Anak, "at ang Banal na Espiritu; ang tatlong ito ay Iisa. May tatlong nagpapatotoo sa lupa;" ang Salita, "ang tubig, dugo, at Espiritu. Tubig, dugo, at Espiritu; ang tatlong ito ay *nagkakaisa*."

50 Ngayon, ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu, ay Iisa. Hindi mapapasaiyo ang Ama na wala ang Anak; hindi mapapasaiyo ang Anak na wala sa iyo ang Banal na Espiritu. Ngunit maaari kang maaring-ganap nang hindi pinapapaging banal; maaari kang mapaging banal nang hindi napupuspos ng Banal na Espiritu. Napatunayan na natin iyan ayon sa kalikasan.

51 Ngayon, at marami sa inyo, marahil, maaaring kakaiba ako sa inyo. At ako—wala akong pinag-aralan; tiyak kong nauunawaan n'yo na. Ngunit nagtuturo ako sa mga pagtitipo, kung papaanong ang natural ay tumitipo sa espirituwal.

52 Ngayon, nakita natin na may tatlo sa kasakdalan. Ang Diyos ay nagiging sakdal sa tatlo, ngayon. At iyon ay, sa kasakdalan ng binhi ni Abraham, ay sina Ismael, Isaac, Jesus. Si Ismael na nagmula sa babaeng alipin, si Isaac na nagmula naman sa babaeng malaya, at pareho silang sa pamamagitan ng pagtatalik; ngunit si Cristo Jesus ay nagmula sa birhen, walang pagtatalik.

53 Dito, ang "Binhi," isa, isang Binhi; hindi mga binhi, kundi isang Binhi. Itong mga iba pa ay hindi binhi ni Abraham, dahil ang "Binhi" ni Abraham ay ang kanyang Binhi ng pananampalataya na tinutukoy ng Diyos, hindi ang kanyang natural na binhi. Dahil pagkatapos na mamatay ni Sarah, nag-asawa ng panibago si Abraham at nagkaanak ng pitong lalaki, bukod pa sa mga babae. Kaya hindi iyon na mga binhi ni Abraham, 'yon ay "Binhi" ni Abraham, isa lang.

At iyon ang Binhi ng pananampalataya ni Abraham, na tumutukoy sa Maharlikang Binhi na darating sa pamamagitan ng pananampalataya ni Abraham; hindi sa natural na buhay ni Abraham, kundi sa espirituwal na buhay ni Abraham; na itinuring ang lahat ng salungat na bagay sa Salita ng Diyos at tinawag iyon na tila hindi gayon, at nanampalataya sa Diyos; laban sa pag-asa, ay nanampalataya sa pag-asa. Iyon ang tunay na Binhi na tinutukoy natin.

54 Dito'y ipinapakita sa atin ang isang larawan. Oh! Nagsimula ang binhi, ang binhi ng pangako, nagsimula sa bahagyang pinag-alinlanganan, pag-aalinlangan sa orihinal na pangako. Tingnan n'yo kung paano ito nagsimula nang mababa, sa pag-aalinlangan sa orihinal na pangako. Nangako ang Diyos kay Abraham, na sa pamamagitan ni Sarah, ay magkakaanak siya ng batang ito. Ngunit ngayon masdan, dumating ang unang binhi ni Abraham sa pamamagitan ng babaeng alipin dahil sa pag-aalinlangan ni Sarah na ito'y mangyayari, dahil sa matanda na siya at lampas na sa edad ng panganganak.

55 Ngayon ganoon nagpapasimula ang iglesya. Ganoon ito laging nagsisimula. Magsisimula ka sa pinakaibaba. Hindi ka magsisimula mula sa itaas. Ang isang taong nagsisikap na umakyat sa isang hagdanan, susubukang umakyat muna sa itaas, mababalian siya ng leeg. Kailangan mong magsimula at magtayo mula roon.

At dito'y nakita natin ang pasimula ng pangako ng Diyos na nahayag, sa pamamagitan ng bahagyang pinag-alinlanganan, na nagambalang programa ng Diyos.

56 Ganoon din nagsimula ang kasalanan sa halamanan ng Eden. Ganoon nagsimula ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan, noong ang isang Salita ng Diyos ay napamali ng pagkaintindi o pinag-alinlanganan. Hindi mo puwedeng pag-alinlanganan o ilagay sa maling lugar ang isang Salita ng Diyos, iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'pagkat ang bawat Salita ay maging gayun nga.

57 At si Sarah rito, maging kung kanino ang pangako (si Sarah bilang isang babae, na isang tumitipo sa iglesya), ay nag-alinlangan sa orihinal na programa ng ipinangakong Salita ng Diyos, at nagsabi, "Ikaw, Abraham, aking asawa, kunin mo para sa iyo ang magandang babaeng alila na ito, at kasamahin mo siya, at maging asawa ka sa kanya. At ibibigay ng Diyos ang pangakong binhing iyon sa pamamagitan niya, at kukunin ko ang bata." Kita n'yo, nilaktawan lang ang isang kaliit-liitan nito, ay nabago na ang buong programa.

Samakatwid, kailangan nating ituring ang bawat Salita ng Diyos bilang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang bawat Salita ng Diyos ay totoo.

58 Dito'y nagsimula noon ang binhi sa isang pangako, na bahagyang pinagdudahan. Si Isaac bilang siyang binhi ng malaya at pinangakuang babae, ay ipinanganak ang, katulad ng ipinapaliwanag ni Pablo rito sa Galacia, isinilang sa kanya ang natural, na ipinangakong binhi. At ipinagpatuloy pa niyang sinabi rito na ang—ang mga anak ng babaeng alipin ay hindi maaaring maging kasamang tagapagmana ng mga anak ng babaeng malaya, sapagkat sila'y dalawang magkaibang mga kategorya.

59 At, totoo 'yon, ang di-mananampalataya ay hindi maaaring maging tagapagmana kasama ng mananampalataya. Walang paraan, man lang talaga. Nariyan ang problema ngayon. Hindi n'yo mapaniniwala ang isang makadenominasyong manok kasama ng isang agila. Talagang hindi n'yo iyon magagawa. Diyan nanggagaling ang problema. Kailangan ninyong sampalatayanan ang bawat Salita ng Diyos. Sadyang kayo'y. . .Hindi kayo magkasamang tagapagmana. Ni hindi rin kayo—di rin kayo sasama rito; hindi n'yo magagawa iyon. Tiyak na kayo'y isang agila o isang manok.

60 Hindi ito magmamanang kasama si Ismael, ang binhi ng aliping babae, sa. . .dahil sa pag-aalinlangan. Pinag-alinlanganan ni Sarah ang Salita ng Diyos, na kayang tuparin ng Diyos Iyon. Pansinin n'yo si Abraham! Kita n'yo na kung ano ang ipinupundasyon ko para sa Linggo ng umaga. Hindi iyon pinag-alinlanganan ni Abraham. Pinag-alinlanganan iyon ni Sarah; siya ang nag-alinlangan. Hindi si Adan ang nag-alinlangan; si Eba ang nag-alinlangan. Kaya nga, kung gayon, higit pa ang malalaman natin tungkol diyan sa pagtalakay natin dito sa Linggo ng umaga.

61 Ni ang espirituwal din naman ay magiging. . .ang natural ay magiging tagapagmana kasama ng espirituwal. Kung paanong hindi puwedeng maging tagapagmana ang mga anak ni Ismael kasama ng—kasama ng mga anak ni Isaac, at kung paanong ang karnal ay hindi puwedeng maging tagapagmana kasama ng espirituwal.

62 Iglesyang natural; Iglesyang espirituwal. May isang iglesyang natural na itinitipo nitong mga babae rito; at may isang Iglesyang espirituwal, din naman. Kung kaya, ang iglesyang natural at ang Iglesyang espirituwal ay hindi maaaring magkasamang tagapagmana. Ang mga iyon ay dalawang magkaiba't magkahiwalay na panahon; dalawang magkaiba't magkahiwalay na mga tao; sa ilalim ng magkaiba't magkahiwalay na mga tipan.

63 Kaya nga iba ang Pag-agaw, at ito'y magiging para lamang sa maharlikang Binhi ni Abraham. Hindi ito maaaring dumating sa pamamagitan ng natural, na karnal na binhi ng iglesya. Kinakailangan na Ito ay ang maharlikang Binhi ng Salita ng

Diyos, sa pamamagitan ni Abraham, ang maharlikang Binhi. Kaya nga kailangang mauna ang Pag-agaw.

Sapagkat, alalahanin n'yo, "Tayong mga nabubuhay at natitira ay hindi makahahadlang, mauuna sa mga natutulog. Sapagkat ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, ang mga namatay kay Cristo ay unang mabubuhay. Tayong nabubuhay at natitira ay aagawing kasama nila, sama-sama, at sasalubungin ang Panginoon sa papawirin." Pansinin n'yo, at muli ay nasusulat, "At ang mga iba sa mga patay ay hindi nabuhay, sa loob ng isang libong taon."

64 Samakatwid, doon, ay hindi sila magkasamang tagapagmana. Hindi sila makaparoroon sa Pag-agaw na magkasama. Tiyak na may isang iglesyang natural, at Iglesyang espirituwal; isang iglesyang karnal, isang Iglesyang espirituwal. Kung ganoon, kita n'yo, dito ay walang . . .

65 Wala nang Paghatol pa sa maharlikang espirituwal na itinalagang Binhi ni Abraham, sapagkat sila'y itinalaga na sa Buhay na Walang Hanggan. Tinanggap nila ang inilaang Handog ng Diyos; at ang Handog na iyon, na si Cristo, ang Salita.

"At ngayon nga'y wala nang anumang hatol." San Juan 5:24, kung kailangan n'yo 'yung Kasulatan. "Ngayon nga'y wala nang anumang hatol sa mga na kay Cristo Jesus," Mga Taga-Roma 8:1, "na hindi lumalakad ayon sa laman, kundi sa Espiritu," sa Mga Taga-Roma. 5:24, "Siya na *dumirinig* ng Aking Salita," 'yung salita roon ay, "nakauunawa." Sinumang lasenggo, kung ano pa mang iba, ay makakapakinig Nito at lalayo. "Ngunit siya na dumirinig ng Aking Salita, nakauunawa ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na paroroon sa Paghatol; kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Siyanga, po.

Siya na pinagpahayagan nitong dakilang hiwaga ng Diyos, ay nauunawaan, kung paanong ang Diyos kay Cristo ay pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin, kung paanong Siya at ang Ama ay Iisa, kung paanong ang mga dakilang hiwaga ng pagsasakatuparan ng Diyos sa paglalagay at pagdadala ng Kanyang Sarili, na nahayag sa panahon ng sangkatauhan, at sa lahi ng mga tao, at nakasama ng mga tao; upang maihayag Niya ang Kanyang Salita sa panahon, sa pagsikat ng araw sa silangan, at upang gawin ang ganoon ding bagay kung paanong lumulubog ang araw sa kanluran, upang maihayag ang Kanyang Sarili sa isang Nobyang Iglesya, ang Salita na nahayag. Kita n'yo? Ito'y mangyayari, din. "Ang siyang nakauunawa," 'yon ay, "ang malaman, ipinahayag iyon sa kanya, Niyaong nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na paroroon sa Paghatol; kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan."

66 Ang natural na binhi ay isang tagapagdala lamang ng espirituwal, ang Binhi. Katulad ng tangkay, uhay, at talukap.

Natalakay na natin iyan dati, sa ibang Mensahe, ngunit gusto kong tunghayan nang kaunti, rito, o balikan muli ito sa ilang sandali lang.

67 Ngayon dito'y may tatlong yugto ang binhi, na ipinapakita sa atin ang tunay na larawan, ang tatlong yugto ng natural na binhi sa lupa. Katulad ng itinanim ang binhi, maglalabas ng isang tangkay, uusbong mula rito ang maliliit na dahon; pagkatapos ay ang uhay, pagkatapos ay kakapit doon ang polen; at pagkatapos ay ang talukap; at pagkatapos ay ang binhi na muli.

68 Pagmasdan n'yo ang mga yugtong ito nitong perpektong talinghaga rito, at kung paano iyon natutupad nang eksakto sa pagtitipo, 'pagkat ang Diyos ang May-Akda ng buong kalikasan. Kung kaya hindi maaaring pumalya ang kalikasan kung paanong ang Diyos ay hindi pumapalya, dahil Siya Yaong nagsaayos ng naturang bagay sa kinalalagyan nito para—para mapagmasdan natin at maintindihan.

69 Pansinin n'yo si Hagar, ang tangkay, na siyang unang pasimula ng pagtubo ng Binhi. Ngayon, walang pagkakahawig iyon na anuman sa Binhi. Iyon ang tangkay, dahil isa siyang babaeng alipin, na wala sa pangako man lang; walang kaugnayan sa Salita, isang tagapagdala lamang ng Binhi.

70 Pansinin n'yo si Sarah, ang uhay na taglay ang polen, ang bansang iyon ng mga Judio ay naitayo mula sa kanya. Nagmula, lumabas kay Sarah, ipinanganak si Isaac; sa pamamagitan ni Isaac, ay ipinanganak si Jacob; kay Jacob ay ipinanganak ang mga patriarka; at sa pamamagitan ng mga patriarka, ay lumabas ang isang bansa.

71 Si Maria, ang pananampalataya ng birhen, ay naglabas ng tunay, na espirituwal na Binhing Salita na nagkatawang-tao. Kita n'yo?

Ang tatlong babae, tatlong babae na nagdala nitong Binhi. Ang isa sa kanila sa katunayan ay isang pangangalunya, sa ilalim ng pag-aasawa ng marami; ang ikalawa ay isang babaeng malaya; at ang ikatlo ay walang anumang naging ugnayang seksuwal, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya ay sinampalatayanan niya ang Salita ng Diyos. Si Hagar, si Sarah, sina Sarah at Hagar pareho, ay sa pagtatalik; ngunit si Maria ay birhen, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ipinangakong Salita ng Diyos. Siyanga.

72 Ang tangkay, si Hagar (dalawang asawang babae), ay nag-alinlangan sa pangako, ngunit masdan n'yo kung ano ang ibinunga nun. Nang si Hagar, ang pangalawang asawa ni Abraham, na isa lamang ganap na asawang-lingkod, ngunit siya'y nanganak ng isang lalaki, ngunit (anong klaseng lalaki siya?) ang sabi ng Biblia ay isa siyang "mabangis na lalaki." Siya'y nabuhay sa kanyang palaso, at walang taong makalulupig sa kanya. Siya'y di-mapapasunod, di-mapagbabalik-loob, di-

magbabagong buhay. Hindi siya mapapasunod. Isa siyang mabangis na lalaki, sapagkat siya'y mula sa pagkasalungat sa Salita ng Diyos.

At anumang salungat; sinumang mangangaral, sinumang miyembro ng iglesya, anumang iglesya, na salungat sa Salita ng Diyos; ay magbubunga ng isang mabangis, mapangalunyang kampon ng makasanlibutang Hollywood, at hindi siya makapananatili sa dalisay na Salita ng Diyos, dahil ni hindi ito isinama sa pangako. Hindi.

73 Si Sarah, ang tunay na asawa ng pagkapangako, bilang siyang uhay, ay nanganak ng isang maamong lalaki. Ang ibinunga, ay lumabas ang isang pangakong bansa na naglingkod sa Diyos. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Ngunit, si Maria, sa walang anumang pagtatalik, kundi sumampalataya sa pangakong Salita; noong isa pa siyang birhen, na hindi pa nagagalaw ng lalaki. At kinatagpo siya ng Anghel ng Panginoon, na nagsabing, "Magalak ka, Maria, mapalad ka sa lahat ng mga babae, sapagkat ang Diyos ay sumasaiyo."

74 At sabi niya, "Papaano mangyayari ang mga bagay na ito?" Kanyang . . . Sabi niya.

75 Sabi ng Anghel, "Lililiman ka ng Banal na Espiritu."

76 Hindi pa ito kailanman nangyari sa lahat ng kapanahunan, ngunit sinampalatayanan ni Maria ang Diyos. At sabi niya, "Narito ang alipin ng Panginoon." Sinampalatayanan niya ang Salita.

Papaano siya magkakaroon nito? Alam niya na si Hagar ay nagkaroon ng sanggol sa pamamagitan ng seksuwal na pagnanasa, kasama ni Abraham; at si Sarah ay nagkaroon ng sanggol sa pamamagitan ng seksuwal na pagnanasa, kasama ni Abraham, na mga anak ng pangako; ang aliping babae at ang malayang babae. Ngunit dito'y hiniling sa kanya na sumampalataya. Iyon ay isang kontribusyon sa pananampalatayang na kay Abraham, na nanampalataya sa mga imposible, "Hangga't sinabi ng Diyos na gayon, iyon ay tumpak nga."

77 Sinampalatayanan niya ang Diyos, hindi kailanman nag-alinlangan. Sabi niya, "Narito ang alipin ng Panginoon. Kahit gaano man karaming pangungutya ang kailangan kong batahin mula sa sanlibutan, mangyari nawa sa akin ang ayon sa Iyong Salita." Doon lumabas ang tunay na Binhi.

78 Hindi iyon magagawa ni Sarah, dahil sa pagtatalik iyon. Siyanga. At ni hindi rin magagawa ni Sarah, dahil sa pagtatalik iyon.

Ni hindi rin magagawa ng iglesya, sa ilalim ng sektaryanismo! Kinakailangan ng isang birheng

pananampalataya sa Salita ng Diyos para maganap ang isang pangako, upang makapagsilang ng mga anak. Ang sektaryanismo ay hindi kailanman makapagsisilang ng Iglesyang ipinanganak na mag-uli. Hindi nito magagawa iyon. Magsisilang lamang ito ng isang kung anong panghalili. Magsisilang ito ng ilan, ng kung ano na gagayahin Ito, isang bagay na nagpupumilit na maging kamukha Nito.

Ngunit ang isang tunay, na ipinanganak na muling Iglesya ng Diyos ay sumasampalataya sa Salita ng Diyos sa kabila ng anumang kalagayan, maging kahit ano pa iyon, dahil iyon ay dalisay. Sa pamamagitan ng pangako ng Diyos dumarating ang mga bagay na ito.

79 Si Maria, 'yung tunay, ay nagsabi, sa pamamagitan ng...-walang pagtatalik, nagsabi, "Mangyari nawa sa akin ang ayon sa Iyong Sinalita. Narito ang Iyong alipin!"

At siya'y nagkaanak. Ano ang kanyang ipinanganak? Hindi isang mabangis na tao; hindi isang bansa. Kundi ipinanganak niya ang Salita, ang Diyos Mismo na nahayag sa katawang-tao; amen, ang tunay na Binhi ng Diyos na naghayag ng bawat pangako na ipinangako ng Diyos sa Biblia; kung wala Siya, walang taong maaaring mabuhay nang wala Siya.

80 Si Maria ang totoong binhi, siya'y lampas sa u-...siya ang talukap na naglabas sa Butil. Ngayon, 'yung dalawang iba pa ay mga tagapagdala lamang ng Buhay, tulad ng natural na binhi. Si Maria...Ngayon, tandaan n'yo, sabi ko ang dalawang iba pa...Ngayon, si Maria, huwag n'yo siyang gawing Diyos, tulad sa pinipilit gawin sa kanya ng ibang tao. Hindi siya isang diyos. Hindi, po. Tagapagdala lamang siya ng Binhing iyon, katulad ng iba pa sa kanila; ngunit, katulad ng ang pananampalataya sa Salita, ay lalong nakapaglalantad sa tunay na anyo.

81 Katulad ng kapag gumulang ang mais, o ang trigo. Lalabas iyon, na isang tangkay; saka iyon lalabas, na polen; saka lalabas ito, na isang balat ng butil. Subalit kung iyong iisipin, ang talukap na iyan, kung hindi mo pagmamasdan, magiging hawig na hawig 'yon ng totoong trigo. Ngunit kapag nabuksan na 'yon, ang tunay na trigo ay nasa loob. Tagapagdala lamang ito, muli.

82 Kaya, nakita n'yo, si Maria, hindi sa pamamagitan ng pagtatalik, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya; isang katulad na katulad Niyon. Hindi si Maria ang Binhing iyon. Si Maria ay tagapagdala lang ng naturang Binhi.

Si Jesus ang tunay, na pananampalatayang Binhi, sapagkat ang Salita ng Diyos ay sa pamamagitan ng pananampalataya na ibinigay Niya kay Abraham. At tanging ang pananampalataya lang ang makagagawa ng sinabi ng Diyos na gagawin Niya; pananampalataya sa Kanyang Salita.

83 Pansinin n'yo kung gaano ang mas pagkakatulad sa tunay na Bagay, ni Maria, ngunit katulad sa talukap. Niyayapos ng

talukap ang butil sa loob nito at iniingatan iyon, at inaaruga iyon hanggang sa 'yon ay makatatayo nang mag-isa, husto na sa gulang. Gayundin naman itong pangatlong kapanahunan ng iglesya (ng Pentecostal) na humusto na sa gulang, na dinadala ang Butil na ito hanggang sa dumating na sa panahon para buksan ang talukap. Si Maria, bilang ina noon ni Cristo, ay isa lamang palimliman.

Hindi Siya dugo ni Maria; hindi Siya dugong Judio; hindi Siya dugong Gentil. Siya'y ang Dugo ng Diyos. Nilikha ng Diyos ang Dugong ito. Hindi ito maaaring maging sa pagtatalik. Hindi Siya Judio ni Gentil man.

84 Ang sanggol ay wala ni isang patak ng dugo ng ina. Ang dugo ay nanggagaling sa ama. Alam natin na ang hemoglobin ay nasa lalaki.

Katulad ng isang manok, makakapangitlog ito, magagawa nga ng isang inahin; ngunit kung hindi siya nakisama sa lalaking ibon, sa tandang, hindi iyon mapipisa. Walang buhay iyon, kahit pa parehong-pareho ang itsura nun sa isang tunay na malusog na itlog. Ang bawat kalikasan nito ay pareho ang itsura, ngunit wala itong taglay na buhay.

85 Ganyan din sa mga taong nagpapahayag na kay Cristo. Marami sa kanila ay mukhang mga Cristiano, nagsisikap kumilos na katulad ng mga Cristiano; ngunit kailangang taglay mo si Cristo sa loob mo, na siyang Salita na nahayag, kung hindi ay di ito kailanman gugulang na isang tunay na Cristianong naniniwala sa Biblia. Iyon ay laging magiging isang makadenominasyong bagay lang. Hindi iyon mabubuhay, sapagkat walang taglay na Buhay iyon, para mabuhay.

Ang isang itlog ay hindi mapipisa, mabubulok iyon mismo sa pugad, kung hindi nito nakasama ang—ang lalaking ibon.

86 Katulad lamang sa mga miyembro ng isang iglesya. Maaari mo silang ala-alagaan at tawagin sila, gawin mo silang mga diakono at lahat na, ngunit sila'y . . . may pugad ka lang na puno ng bulok na itlog maliban na nakipagniig sila sa kanilang Asawa. Ganoon nga.

87 Ang tagapagdala, ang talukap, inaruga nito iyon. Siyanga. Pagkatapos iyon, 'yun ay, ang binhi mismo, ay kailangang iwanan ang balat, o kailangan nang iwanan ng balat na iyan ang binhi, upang mailantad ang binhi sa presensiya ng araw, upang mahinog na iyon. Ang lahat ay nasa isang tipo, nakikita natin.

88 Tingnan n'yo rito ngayon kung gaano kalapit na niya, ang iglesya nitong mga huling araw, makakamukha ang Binhi Mismo. Tingnan n'yo kung paano itong denominasyon ng Pentecostal na pinalitaw sa mga huling araw, at ipapaliwanag natin iyon maya-maya pa nang kaunti, kita n'yo, kung paanong naging napakalapit ng pagkakahawig nila sa Binhi.

Kapag lumitaw na ang talukap mula sa isang butil ng trigo . . . o isang dahon ng trigo, pagkatapos na malaglag ng polen doon sa ikalawang yugto, at nailabas na 'yung ikatlong yugto na siyang—ang—ang talukap. At kung paano na 'yung . . . Kung hindi ka tunay na masusing tagapagmasid, hinding-hindi mo masasabi na hindi 'yun ang tunay na butil ng trigo na naroon sa loob. Kapag lumabas na ang unang maliit na butil, na mukhang butil, pero maupo ka at buksan mo iyon at malalaman mo na wala ni anumang butil doon. Isa lamang iyong talukap, isang tagapagdala ng butil. Ngayon, lalabas mula roon ang butil. Ngunit tandaan, wala na pagkatapos ng talukap na iyon.

Tandaan n'yo, wala nang ipinangako pang Binhi sa pamamagitan ng isang babae, saanman, pagkatapos ni Maria. At wala nang ipinangakong mga denominasyon pagkatapos ng Pentecostal. Pag-agaw na at ang paglabas na ng Nobya mula roon, ang Binhi, ang Salita na nahayag muli.

89 Pansinin n'yo, tingnan n'yo kung gaano kalapit ang itsura nito. Sinabi ni Mateo, San Mateo 24:24, ang sabi, na, "Ang dalawang espiritu sa huling panahon," ang iglesyang espiritu ng mga tao ng iglesya, at ang Nobyang Espiritu ng mga tao na bahagi sa Nobya, ay "magiging halos magkaparehong-magkapareho hanggang sa maililigaw nito ang mga Hinirang mismo kung maaari." Ganoon kalapit.

90 Tingnan n'yo kung paano 'yon naglakbay sa tangkay. Ngayon pansinin n'yo, may ititipo tayo rito.

Si Luther, sa kapanahunan ng iglesya, sa pagpapalabas ng Nobyang Binhi, ay ganoon din sa Espiritu. Isang maliit na butil lang ng Binhi, nanindigan doon si Luther, iyon ay pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. Siya ang pinaka tipo ni Hagar, ang tangkay.

Pansinin n'yo, Si Wesley ay tipo ni Sarah, ang taga-Filadelfia, ang panahon ng pag-ibig na naglabas ng uhay. Na sa panahon ni Wesley, ay nagkaroon ng mas maraming mga misyonero kaysa sa ibang mga kapanahunang nagdaan sa atin, ang dakilang panahon ng mga misyonero sa panahon ni John Wesley.

91 Subalit kumakatawan ang Pentecostal kay Maria. Si Maria, ang huling yugto Nito, ngayon, hindi siya ang Binhi. Gayunman, ang Buhay ng Binhi ay nasa kanya, ngunit hindi pa Iyon nagiging husto sa gulang. Pakiramdam ko'y napakarelihiyoso. Marami ang nagkaroon ng binhi, subalit, kita n'yo, hindi pa Iyon husto sa gulang. Naroon nga Iyon, pero hindi pa Iyon husto sa gulang.

Ganoon din sa ating kapanahunang Pentecostal na kinabubuhayan natin! Kailangang may lumabas na isang—isang Salita ng Diyos na nasa loob, hindi makadenominasyon, na labas sa mga sakop ng denominasyong iyon.

92 Si Luther ay napunta sa pagiging balat ng butil sa kanyang unang salita, “Ang taong matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.” Si Wesley ay nagkaroon ng dalawang salita, “pagpapabanal,” ang pangalawang tiyak na gawa ng biyaya. Napasa Pentecostal ang pangatlong salita, “ang pagpapanumbalik ng mga kaloob.” Ngunit kailangang lumitaw ang kabuuang Binhi! Nakita n’yo kung paano sila nagdenomina sa isang salita, at isa pang salita, at isa na namang salita?

Ngunit tiyak na may isang Bagay na hindi magdedenomina; iyon ay ang kabuuan ng Buhay na naroon sa loob, na kailangang mailabas ang Sarili Nito muli sa isang Nobya. Wala nang iba pang mga kapanahunan ng iglesya pagkatapos nito. Nasa katapusan na tayo, mga kapatid na lalaki’t babae. Narito na tayo. Tayo’y nakarating na. Salamat sa Diyos! Amen. Ngayon, nakikita nating ang mga bagay na ito ay talagang ganap na totoo.

93 Mapapansin pa natin, kung gayon, kung siya bilang ang uhay, o. . .si Wesley bilang ang uhay; ang Pentecostal kung gayon bilang ang talukap, na siyang susunod na yugto ng pagbubuo ng Butil. Subalit, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ang tangkay ay hindi ang Butil, ni ang uhay ay ang Butil, ni ang talukap man ay ang Butil; bagama’t, sa tuwing gumugulang ito, ay lalo pang nagiging katulad nito ang Butil.

94 Ang tangkay ay hindi kahawig ng butil. Pagkatapos ay ano ang lumalabas? Ang uhay, isang maliit na ulo; mas malapit ang pagkakatulad nito sa butil kaysa sa—kaysa sa dahon. Ano pa ang susunod na lumalabas? Ang talukap; hinahawakan nito ang butil, prinoprotektahan nito ang butil.

95 Ngayon tumingin kayo rito sa pangako ng Diyos kay Abraham, sa “iyong Binhi,” na nangungusap sa espirituwal. Alam ng sino man iyon sa atin. Si Cristo ang tinutukoy Niya, hindi si Isaac; sa pamamagitan ng kanyang Binhing pananampalataya.

96 Pansinin n’yo, ang una ay sa pamamagitan ng isang babaeng alipin, hindi iyon mukhang anuman na gaya ng naturang pangako. Hindi kailangang bawiin ng Diyos ang Kanyang Salita para kaninuman. Sinabi ng Diyos kung paano darating iyon, at sa ganoong paraan iyon darating. Ngunit, si Sarah, bilang isang kumakatawan sa iglesya, tumitipo sa iglesya, iyon (kanyang) nalaman roon, na sinabi niya, “Buweno, palagay ko ito’y medyo masyadong pambihira. Ni hindi nga ako sadyang makapaniwala roon, kaya pumunta ka’t kunin si Hagar at kunin mo siya bilang asawa.” Kita n’yo, hayun, ang tangkay na iyon ay walang pagkakatulad sa pangakong iyon, man lang.

Ngunit noong dumating na kay Sarah na, ngayon, para bang napakainam nun. Halos katulad na niyon ang pangako roon, ngunit hindi pa rin iyon ang tunay na pangako. Sapagkat,

ang Israel noon, kay Isaac, ay nabigo at tinanggihan ang tunay na Binhi noong dumating Iyon. Hallelujah! (Huwag kayong manabik; huwag tumakbo. Hindi iyon makapananakit sa inyo.) Tinanggihan ang Binhi, ipinako Siya, at ibinayubay Siya sa krus!

97 Sadyang katulad ng sinabi ni Pablo rito, "Hindi ba't ang—ang binhi ng—ng babaeng malaya . . . o ng babaeng alipin ay inusig ang Binhi ng babaeng malaya?"

At ganoon din na ang binhi ng denominasyon ay inuusig ang tunay na Butil. Tiyak na palaging ganoon iyon. Hindi sila magkasamang magiging tagapagmana. Hindi sila magkaugnay. Sila'y ganap na dalawang magkaibang mga pangako, dalawang magkaibang panahon, dalawang magkaibang mga tao, sa kabuuan. Ang isa ay ang Nobya, at ang isa naman ay isang iglesya. Magkaibang-magkaiba talaga sila.

98 Ngunit gayunma'y hindi pa rin sila ang Binhi na ipinangakong darating. Ni hindi si Sarah, ni hindi rin . . . At ni hindi si Hagar, hindi rin si Sarah, o—o si Maria man, ang Binhi.

Hindi si Maria ang Binhi. Tagapagdala siya ng Binhing iyon, ngunit kinandili niya, isinilang mula sa kanyang sinapupunan. Katulad ng talukap, na iniluwal mula sa sinapupunan nito ang tunay na Binhi, subalit ang talukap ay hindi ang Binhi. Iyon lamang ay . . . Mas malapit ang itsura niyon sa Binhi. Nakabalot iyon sa Binhi.

Doon sa pinaka loob ng tangkay, ang buhay ay nakakalat sa kabuuan ng tangkay. At pagdating nito sa polen, ay natitipon iyon nang mas masinsin. Ngunit pagdating na nito sa talukap, naroon na ito mismo na gaya ng binhi, at inaanyuan ito na halos katulad na sa binhi.

Sinabi sa atin ni Jesus kung ano ang magiging kalagayan sa mga huling araw, "Magiging magkaparehong-magkapareho na maililigaw nito ang mga Hinirang mismo kung maaari," ngunit sa oras na iyon ay lalabas mula roon ang Binhi. At ang talukap, lilisan na ang Buhay sa talukap. At ang talukap ay isang tagapagdala, at naging ganoong-ganoon ang ating mga denominasyon, isang tagapagdala; si Luther, si Wesley, ang mga Pentecostal. At ngayon ay panahon na para lumabas ang Binhi. Pansinin n'yo, pansinin, sadyang . . .

99 Hindi siya ang Binhi. Hindi si Maria. Isa lamang talukap, uhay, at tangkay, mga tagapagdala ng bahagi ng Salita, hindi ng buong Salita! Si Luther ay nagkaroon ng pag-aaring-ganap; si Wesley ay nagkaroon ng pagpapabanal; ang mga Pentecostal ay nagkaroon ng pagpapanumbalik ng mga kaloob. Ngunit noong dumating ang Salita . . .

Ngayon, makagagawa sila niyon, na, ililigtas ng pag-aaring-ganap ang isang tao. Naniniwala ba kayo riyan? Tiyak nga, na

tagapagdala iyon ng Salita, kung paanong naniniwala ako na ang tangkay ay bahagi rin ng trigo. Tiyak, na iyon nga, subalit iyon ang tagapagdala. Hindi iyon ang Buhay.

Pagkatapos ay dumating ang pagpapabanal. Ilan ba ang naniniwala sa pagpapabanal? Kung sinasampalatayanan ninyo ang Biblia, tiyak na naniniwala nga kayo. Tiyak nga. Kaya gayunma'y hindi iyon; medyo mas nakakatulad na iyon; iyon ay dalawa nang mga salita.

Subalit pagkatapos ay dumating ang Pentecostal, ang pagpapanumbalik ng mga kaloob. Pagsasalita sa iba't ibang wika, tinatawag nila iyon na paunang katibayan ng Banal na Espiritu. Pagsasalita sa iba't ibang wika, doon, tinatawag nila iyon na siyang paunang katibayan, na naglabas (ng ano?) ng talukap, ngunit sila'y nagdenomina.

Subalit kapag sinabi mo, "Ako at ang Aking Ama ay Iisa," at ang iba pang mga bagay na ito, kung magkagayon ay hihiwalay na Rito ang talukap. Ngunit ang totoong tunay na Nobyang Iglesya ay ipapamunga ang buong Salita ng Diyos, sa kapuspusan Nito at sa kalakasan Nito, sapagkat Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Pansinin, sa mga sinapupunan ni Maria ay naroon noon ang Binhi.

100 Subalit noong mailuwal na ang Binhi, sinabi Nito, "Naparito Ako upang gawin ang kalooban Niya na nagsugo sa Akin. Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Kung hindi Ko ginagawa ang Kanyang mga gawa, ay huwag ninyo Akong sampalatayanan." Hayun ang Binhi. "Sino sa inyo ang makahahatol sa Akin ng di-pananampalataya? Kung ano ang ipinangako ng Biblia na Aking gagawin, ay ginawa Ko. Pinatunayan na ng Diyos iyon sa pamamagitan Ko," sabi Niya. "Sino ngayon ang makapagsasabi sa Akin?" Kita n'yo?

Subalit, ang—ang Binhi na na kay Maria, ang talukap, malapit na iyon sa pagiging Ganoon, ngunit hindi pa iyon. Nasa sinapupunan pa rin iyon.

101 Pansinin n'yo, at sa kapanahunan ng Pentecostal. Sa kapanahunang Lutheran, sa kapanahunang Wesleyan, pareho ring bagay sa kapanahunang Pentecostal.

Ngayon pansinin n'yo. Ngunit sa pagbubukas ng Pitong Selyo, Apocalipsis 10, ang buong Salita ay maipanganganak sa paghahayag muli, at pagtitibayin ng Espiritu ng Diyos, sa kabuuang lakas kung paano Ito noon nang narito pa Siya sa lupa; mahahayag sa ganoon ding kaparaanan, ginagawa ang pareho ring mga bagay na ginawa Nito noong narito Ito sa lupa. Amen! Sa Mga Hebreo 13:8, sabi, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

Sa San Lucas 17:30, sabi ni Jesus, "Sa mga huling araw, kung paano ang nangyari sa panahon ng Sodoma, kapag ipinapahayag na ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili muli, ay magiging gayon din iyon."

102 Ang sanlibutan ay nasa Sodomang kalagayan. At ang iglesya ay pumasok na sa Sodoma, kasama nito, katulad ni Lot at ng kanyang asawa.

At sinasabi ko na may isang Hinirang na Iglesya sa isang dako ng sanlibutang ito, na humihiwalay na at ibinubukod mula sa mga bagay na iyon, at ang pagpapamalas ng Diyos ay natawag na ang atensyon Nito. Tayo'y nasa mga huling araw na.

103 Ibinigay na ng talukap sa Binhi ang Lakas nito. Ito'y lumabas na; naging isang mabuting talukap iyon, ngunit natapos na nito ang kanyang panahon. Kita n'yo, ito'y ang Nobyang Salita na ng Nobyong Salita!

104 Ang natural na binhi ni Abraham, ni Isaac, at Jacob, at . . . O, natural na binhi, pala, ni Ismael, natural na binhi ni Isaac, at iba pa, ay kinailangang maibaon sa lupa, upang—upang mailabas itong isa pa, ilabas si Jesus.

At gayun din itong lahat ng iba pa, kailangang matuyo ang mga binhi . . . Ibig kong sabihin, ang mga talukap ay kailangang matuyo, at ang polen ay kailangang matuyo, at ang lahat ay mamamatay, upang mailabas ng Binhi ang Sarili Nito. Ganyan palagi ang nangyayari sa bawat kapanahunan.

105 Ang mga denominasyon ay naging mga tagapagdala ng bahagi Nito, bahagi na Salita, sapagkat itinago ito mula sa mga matatalinong repormador, o ang . . . ikinubli sa kanila, hanggang sa dumating na ang kapanahunan ng mga Agila. Sinabi iyon ng Biblia. Siyanga, po. Sapagkat, ipinangako iyon sa atin sa Malakias 4. Eksakto, tayo nga.

"Itinago Niya Iyon sa mga mata ng mga pantas at matatalino."

106 Gaya ng katatalakay lang natin sa Aklat ng Apocalipsis, nakita natin na bawat, lahat ng tatlong mensaherong iyon ng mga hayop na iyon na nagsilabas; bawat isa ay umangkop kay Luther nang sadyang tamang-tama, nailuklok ng bawat isa ang isa pa nang sadyang tamang-tama, na iyon ay ang baka at ang iba't ibang mga hayop sa Biblia; sila'y dumaan sa pag-aaring-ganap, pagpapabanal, maging sa mga Pentecostal. Ngunit ang ikaapat ay isang agila, siyanga, at sa pamamagitan ng kapanahunang iyon ay ibinangon Ito ng Diyos. Kaya kailangan nitong dumaan sa kapanahunang iyon upang maging husto, siyanga, po, na nagaganap na ang pangakong agila sa pamamagitan ng—ng Malakias 4.

107 Si Jesus ay hindi galing kay Maria, kundi dumating sa pamamagitan ni Maria, katulad sa Buhay sa pamamagitan ng talukap.

108 Ngayon, marami sa inyo na mabubuting mga Katolikong kapatid na lalaki rito, o mga kapatid na babae, ngayong gabi, ang marahil ay iniisip na si Maria ay "ina ng Diyos," katulad ng sinasabi n'yo na ganoon siya. Papaano siya magiging ina ng Diyos, at ang Diyos ay walang pasimula at walang katapusan? Kita n'yo? Sino ang Ama ng Diyos, kung gayon, kung siya ang ina? Kita n'yo?

Siya ang Manlilikha ni Maria, at hindi si Maria ang Kanyang manlilikha. Nilikha Niya, ang Kanyang Sarili, sa sinapupunan ni Maria, hindi sariling paglalang nito. Siya yaon, na lumikha, ng Kanyang Sarili. Hindi Siya galing kay Maria, kundi si Maria ay galing sa Kanya. Tama 'yon. Itinuturo sa atin ng Biblia, na, "Ang lahat ng mga bagay ay ginawa Niya," kita n'yo, "at walang bagay na ginawa kundi ang Kanyang ginawa." Kaya nga papaanong Siya . . . Papaano Siya magkakaroon ng ina, gayong Siya Mismo ang Diyos?

109 Ngayon nakikita natin dito ang tunay na kapahayagan ng tunay na tipo. May tatlong babaeng tagapagdala ng natural na binhi, hanggang sa maging husto na sa gulang pagdating kay Jesus. Kung papaanong hindi maaari si Ismael, sapagkat siya'y isinilang, talaga, kumbaga sa maiisip natin ngayon, na labas sa kasal, dahil anak siya ng isang babaeng alipin. Pagkatapos ay dumating ang isang medyo mas malapit na katulad Niya, katulad ni Jesus, kung saan ay lumabas si Isaac; ngunit hindi pa rin iyon, dahil ipinanganak ito sa pagniniig nina Sarah at Abraham. Subalit pagkatapos ay dumating si Maria, na sa pamamagitan ng birheng kapanganakan, ay nailabas si Jesus Cristo. Tama 'yon. Ang Diyos, ang Salita, na nagkatawang-tao.

110 Ngayon tingnan n'yo. May tatlong babae. May tatlong babae na itinipo rito, bilang mga iglesya. Ang mga babae ay laging tumitipo sa mga iglesya. Ibig sabihin, tatlong makadenominasyong kapanahunan, mga tagapagdala, na kailangan ding mamatay at matuyo, katulad ng talukap at ng iba pa, upang magbigay-daan sa Binhi. Ang Binhi ay hindi magiging tama, hindi mahihinog, pala, hanggang sa ang talukap, tangkay, at mga dahon, ay matuyong lahat. Siyanga. Sinisipsip nito ang bawat katiting na Buhay, sa mga ito, palabas; amen; ang lahat niyon, ay 'yon na, na may karagdagan.

111 Hindi kayang gawin iyon! Ngayon ay panahon na ng Binhi, o panahon na ng Nobya. Ang mga talukap ay patay na. Ang mga talukap ay natuyo na. Ang panahon ng birheng Salita, na hindi nahipo. Iyon ay isang birhen, alalahanin n'yo, panahon ng isang birheng Salita. Kung ilalagay mo Ito sa mga kamay ng isang denominasyon, tiyak na hindi na Ito

magiging isang birhen; nahawakan na Ito ng tao, sa oras na madatnan mo Ito. Ngunit ang Iglesya ng Diyos ay hindi nahipo ng denominasyon. Hallelujah! Ito'y isang ipinanganak ng birhen na Salita ng Diyos na nahayag, si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hallelujah! Gaanong, lubos na kahanga-hanga! Iniibig ko Ito. Sinasampalatayanan ko Ito. Alam ko na Ito ang Katotohanan. Hindi Ito mahihipo. Walang makadenominasyong paghahawak ng tao sa birheng Kapanganakan ng Nobya. Wala, po! Siya ay—siya ay inuutusan ng Diyos na lumabas sa gayung mga bagay. "Huwag mong hihipuin ang kanilang maruruming bagay, na maging mga buwitre."

112 Naalala ko lang. Habang parating ako mula sa Phoenix noong isang araw, patungo sa Tucson, galing sa pagtitipon, tinawag ng Espiritu ng Diyos ang aking pansin tungo sa isang bagay; habang ang aking asawa at ako ay nagbibiyahe, nag-uusap, at ang mga bata ay natutulog na sa may likuran ng kotse, gumagabi na. Tinawag ang aking pansin tungo sa isang lawin, at pinagmasdan ko nang kaunti ang lawin na iyon at pinag-aralan siya. Siya ang katipong-katipo ng iglesya ngayon.

113 Ngayon, ang lawin, tulad ng alam nating lahat, ay naiwaglit na ang kanyang pagkakakilanlan sa kanyang orihinal na pagkalalang. Iyan ay talagang tama. Dati'y kapareho niya ang isang agila, ang mas malapit niyang kapatid; ang isang lawin dati. Subalit ngayon ay hindi na siya lumilipad sa himpapawid, upang hanapin ang kanyang makalangit na manna, kundi siya'y naging malamya na. Hindi na siya lumilipad sa himpapawid. Siya'y lumulundag-lundag na lang sa lupa, katulad sa isang buwitre; dumadapo sa isang poste ng telepono; lumulundag-lundag, naghahanap ng patay na mga kuneho. Hindi naman ginawa ang lawin para gawin ang ganoon. Hindi, ginawa siya na maging katulad sa isang agila.

Ngayon, 'yan ay para bang ang iglesya. Ginawa itong katulad ng agila. Dapat ay lumugar siya sa mga Makalangit na dako. Subalit, imbes na ganoon, ito'y naging malamya na. Hindi na ito lumilipad sa mga lihim na dako, sa mga kalangit-langitan. Hindi na, po. Nakadepende na siya sa kanyang modernong pamamaraan, ng pakikibagay, ng edukasyon, at teolohiya, sa isang kung anong gawang-taong denominasyon; naghahanap ng isang kumpol ng mga patay na kuneho, halos bulok na, na tira ng iba pa. Siyanga. Lumulundag-lundag na sa lupa ngayon, nakita n'yo, siyanga, ang isang lawin. Kita n'yo, 'yun ang pagkakakilanlan.

Ang agila ay hindi nagbago kahit kaunti. Nananatili siyang isang agila.

114 Hindi siya pumapailanlang sa himpapawid, ang isang lawin ay hindi, hindi na ganoon, para makahuli ng kanyang sariwang

manna doon sa itaas, kundi nakadepende na siya sa kung ano ang matatagpuan niyang patay na. Ang isang lawin ay hindi halos. . .sabihing siya'y kailangang lumapag sa lupa. Ngunit pagmasdan n'yo ang isang karaniwang lawin ngayon. Maglakad ka sa kalsada, makikita mo ang mga kawad ng telepono na puno ng nakadapong mga lawin, tingnan mo kung makakita siya ng isang bagay—isang bagay na pinatay, kung anong bulok na bagay. Siya'y naging parang wala nang pakpak na sapat upang makalipad. Siya'y. . .Bigla-bigla na lang, nasa lupa na siya, lahat na, nasa lupa na dahil siya'y naging malamya na. Hindi na niya ginagamit ang kanyang lakas, hindi na talaga, na ibinigay sa kanya ng Diyos.

115 Ang natatanging pagkakakilanlan sa kanya ay ang maglayag sa kalawakan at magmatyag doon sa ibaba, ngunit ngayon siya'y bumababa na lang at ni hindi na makatingala. Nakatuon na ang kanyang pag-iisip sa mga patay na kuneho, upang maghanap ng kung ano ang matatagpuan niya sa daan; kung anong skunk, opossum, o kung anong nasagasaan ng isang tao. Hindi siya isang agila, pero parang ganoon siya.

Katulad ng iglesya na nakadepende sa pagkain nito sa edukasyon at iba pa, isang patay na pagkain na namatay na ilang taon na ang nakalilipas, mula kina Luther, at Wesley, at sa mga Pentecostal, at lumipas na, ang kinain niya. Lumilingon ito para sa kung anong kredo na gawang-tao; imbes na lumipad pataas sa mga Makalangit na dako ng Salita, kung saan, "Ang lahat ng mga bagay ay posible sa kanila na nananampalataya."

116 Naging gawi na niya ang gawi ng buwitre. Ang mga patay na bagay na 'yan ay iniwan para sa mga buwitre, ang sanlibutan. Ang mga edukasyon at mga iba pang ganoon, ay iniwan para sa sanlibutan, hindi para sa Iglesya. Napakalamya na niya na hindi na siya . . . Hindi na ito matatag. Hindi na siya makaparoon sa mapanghamon na Kalangitan, kung saan, "Ang lahat ng mga bagay ay posible sa kanila na nananampalataya."

Siya'y mauupo, at magsasabi, "Buweno, sabi ni Doktor *Ganito-at-ganoon* isang. . .Hindi naniniwala ang denominasyon ko Rito sa ganoong paraan." Oh, ikaw talagang baluktot na lawin, natatakot na lumaya tungo sa mga pangako ng Diyos!

Sinasabi n'yo, "Buweno, lumipas na ang mga araw ng mga himala."

117 Malamya na kayo. Takot kayong gamitin ang inyong mga pakpak at lumipad doon sa malayo. At masyado na ba kayong mahina para sa isang pakikipagtipon sa pananalangin? Dumating na ba kayo sa punto na takot na kayong manatili nang higit sa sampung minuto sa may altar?

118 Palukso-luksong parang isang buwitre, kumakain ng patay na karneng bulok sa lupa! Ganoon na nga, po. Napakahina na niya talaga para liparin ang maunos na dako pa roon. Lulukso-

luksong parang buwitre, at kumakain ng pagkain ng buwitre. Ganoon na nga iyon. Siyanga. Hanggang sa, nagiging kawangis na siya ng isang buwitre. Kumikilos na siya na katulad ng buwitre. Hindi na siya isang lawin talaga. Parang mas katulad na siya ng isang buwitre kaysa sa isang lawin. Dapat sana'y pumapailanlang ang isang lawin; hindi nakadapo lang sa isang poste ng telepono at nag-aabang ng isang patay na kuneho, at saka bababa roon at lulukso-lukso sa daan na parang buwitre. Kita n'yo?

119 Parang ganoon na nga ang iglesya ngayon. "Para saan pa na lilipad ako Doon sa itaas at maglalayag-layag, kung makakakuha naman ako ng mga kuneho dito?" Subalit patay na ang mga iyan. Nabulok na sila. Kontaminado na sila. Dati, mainam pa ang mga iyan; gayon din ang doktrina ng mga Lutheran, Wesley, at ng mga Pentecostal. Bakit ka kumakain na tulad ng isang buwitre? May bagong manna na nahuhulog gabi-gabi, na mula sa kalangitan, para sa mga anak ni Israel habang sila'y naglalakbay; anumang natira ay nakontaminado na. Sinasabi nga namin dati, sa probinsya, "may mga gumagalaw-galaw na uod na ito." Napakarami nitong mga gumagalaw-galaw na uod sa ating mga karanasan ngayon, sa ating mga relihiyon, na dumedepende sa kung ano ang sinabi ng kung sinong iba pa, kung ano ang sinabi ng iba, at, "Ang naturang pangako ay para sa ibang kapanahunan."

120 Pinuntahan ako ng isang lalaki hindi pa katagalan, isang mangangaral na Baptist, doon sa bahay ko, at nagsabi, "Alam mo," sabi, "ako—gusto lang kitang ituwid tungkol sa isang bagay."

Sabi ko, "Ano?"

Sabi, "Pinipilit mong magturo ng Doktrina ng mga apostol sa kapanahunang ito." Sabi, "Tapos na ang kapanahunan ng mga apostol."

121 Sabi ko, "Kailan pa?" Kita n'yo? "Sasabihin ko sa iyo kung kailan ito nagsimula, at sabihin mo naman sa akin kung kailan ito nagtapos." Sabi ko, "Pinaniniwalaan mo ba ang Salita?"

Sabi niya, "Pinaniniwalaan ko."

122 Sabi ko, "Sige. Ngayon, noong Araw ng Pentecostes, naniniwala ka ba na doon nag-umpisa ang kapanahunan ng mga apostol?"

Sabi niya, "Naniniwala ako."

123 Sabi ko, "Kung gayon, ang tagapagsalita, na si Apostol Pedro, ang nagsabi ng mga salitang ito."

At alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus, "Ang sinumang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito, ang kanyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay," na iyan ay

isang mangangaral o isang tao na nakalagay ang pangalan nila sa Aklat.

Sabi ko, "Ang sabi ni Pedro, 'Magsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo. Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.' Kailan iyon nawala kung ganoon? Noon pa'y lagi nang naroon iyon."

Iyon ay mga pangkat ng lawin na nagkataong mga buwitre pala, at nagpapalukso-lukso sa palibot ng kung anong iba pang patay na hayop, na pinatay ng ibang kapanahunan para sa kanila. Tama. Hindi na sariwang manna na mula sa Kalangitan, hindi na. Ayaw nila Iyon. Hindi sila . . . Hindi sila makikipagtipon para sa pananalangin. Hindi mga agila, umpisa pa lang; malamya, hindi matatag; nagpapalukso-lukso lang.

124 Ganyan din nga ang ating modernong denominasyon, na dumipende sa edukasyon sa kung anong gawa ng tao na teolohiya, upang ipaliwanag ang lahat ng mga Bagay na ito nang lihis, at tinatanggap naman nila iyon. Ayaw nilang tanggapin ang Salita na nagsabing, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ayaw nilang tanggapin ang Malakias 4. At ayaw niyang tanggapin itong lahat ng iba pang mga pangako na nauukol sa panahong ito, at na sinabi kung paano ang mga kapanahunan ng iglesya. Kung paanong sinabi ng propeta, "Magli-Liwanag sa gabi," hindi nila tinatanggap Ito. Gusto nilang magpalukso-lukso sa palibot ng pinatay ng kung anong organisasyong Pentecostal, isang daang taon na ang nakalilipas, kumakain sa halos bulok nang manna. Siyanga. Walang kuwenta iyon.

125 Pansinin n'yo, ang iglesya ay napakakarnal na, pinapakain ang sarili nito ng makasanlibutang nabubulok na karne, ng patay na mga bagay ng sanlibutan, katulad ng ginagawa ng buwitre. Pulitika sa iglesya, hindi nila hinahayaan na magpadala ang Banal na Espiritu ng isang tao sa isang iglesya; kailangan nilang magkaroon ng pulitika at alamin kung tatanggapin nga ba siya o hindi ng denominasyon. Siyanga. Katulad sila ng sanlibutan. Nagdadamit silang katulad ng sanlibutan. Nagmumukha silang parang sanlibutan. Umaasta silang katulad ng sanlibutan. Sila'y mga buwitre, na gaya ng sanlibutan. Mga tamad sila, lalamya-lamya, mga nakikipagkompromiso. Ganoon na lang ito.

Nakakita na ba kayo ng isang agila na nakikipagkompromiso? Hindi, po. Walang pakikipagkompromiso sa kanya. Ganoon din ang isang tunay na Cristiano. Hindi siya lalamya-lamya. Maghahanap siya hanggang sa makita niya Iyon. Amen. Siyanga, po. Hahanapin

niya ang kanyang Pagkain. Gusto niya ng sariwang Manna. Bababa siya roon at maghuhukay hanggang sa makita niya Iyon. Lilipad siya nang pataas nang pataas. Kung wala man sa lambak na ito, paiilanlang pa siya nang kaunti. Habang mas mataas ang iyong nararating, lalong mas marami kang makikita. Kaya panahon na para sa mga agila sa panahong ito na lumipad na nang mas mataas, magsiyasat pa sa mga pangako ng Diyos, hindi mabuhay sa pagkain ng buwitre na patay na ng maraming taon; umalis kayo riyan.

126 Pulitika, bumuboto ng kung anong gagamitin at bumuboto ng kung anong aalisin, sinasabi ang *ganito*, *ganyan*, o ang *iba pa*, at wala nang karapatan sa iglesya ang Espiritu Santo kaysa anupaman. Wala nang mga pakikipagtipon sa pananalangin, wala nang mga matitinding pagsusumamo sa Diyos upang tupdin ang Kanyang Salita! Hindi na naniniwala na ang Salita ay nananatili pa ring siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman! Nagpapakabuwitre na lang sila, kukuha ng isang denominasyon, ilalagay ang kanilang pangalan sa aklat; at naging tamad na at lumamya na, at uupo roon sa likuran na nagpapakaligaya sa kung anong uri ng patay na bulok na karne. At, saka, dapat sana man lang ay isang lawin na kawangis na kapatid ng agila, ang propeta na nagdala ng totoong Salita at inihayag Iyon.

127 Umaasa sa halos bulok na, na gawang-taong teolohiya. Saan ba niya nakukuha iyon? Sa kung anong gawang-tao na listahan ng programang pang-Sunday school, na kinatay para sa kanya ng kung sinong tagapagturo doon sa kung saang seminaryo, na ang sabi sa kanya, "Lumipas na ang panahon ng mga himala. Walang ganoong bagay na tulad ng bautismo ng Banal na Espiritu. Ang lahat ng Ito ay walang kuwenta." Ibig mo bang sabihin sa akin na kakainin 'yan ng isang agila? Hindi niya magagawa iyon. Hindi, po.

128 Hindi rin kakain ang isang Cristiano riyan sa patay na bulok na karne mula sa lumang makadenominasyong mga doktrina at gayong mga bagay. Ang gusto nila ay ang Salita ng Diyos, na sariwa, ang siyang pangako para sa panahong ito. Nangako ang Diyos ng mga kuneho sa panahon ni Luther. Nangako Siya ng iba pang mga bagay sa panahon ng iba pa. Subalit ngayon ay nangako Siya sa atin ng kumpletong Pagkain, ang buong Menu ng pitong putahe, dahil sa ang lahat ng Pitong Selyo ay nabuksan na, at lahat ng bagay ay handa na para sa Salita ng Diyos, sa kanila na kayang tumanggap! . . .? . . .

129 Mga lawin na lumuluksong katulad ng mga buwitre. Oh, naku! Isipin n'yo iyon, kung gaano na kalala, kung bakit—kung bakit ganoon nga ang panahon. Kung paanong matagal nang naiwala ng lawin ang kanyang pagkakakilanlan bilang isang lawin, ay ganoon din naman na ang iglesya ay matagal

nang naiwala ang kanyang pagkakakilanlan bilang isang mas mababang (ibong) kapatid ng agila, na mga propeta ng Diyos.

Minsa'y naging tagapagdala ng totoong salita, ang pag-aaring-ganap; pagkatapos ito ay naging tagapagdala ng pagpapabanal; pagkatapos ay naging tagapagdala ito ng bautismo ng Espiritu Santo, ang pagpapanumbalik ng mga kaloob. Subalit gayunman kapag nagpatuloy Siya at palagi kang bumabalik, pinipilit kumain ng isang bagay, ng manna mula sa ibang panahon, bulok na iyon. Wala nang kuwenta.

Alam ng isang tunay na agila ng panahong ito na mabuti iyan noon. Subalit mayroon tayo niyan, na may karagdagan pa, hanggang sa mahayag si Jesus Cristo sa kabuuan ng Kanyang kapangyarihan, katulad ng ipinangako Niya sa huling panahon na ito.

130 Isa na siya ngayong tuyong ipa. Lumipas na ito; ang Espiritu ng Diyos na dumaan na sa kanya, ay totoo. At hindi, hindi siya makakasamang tagapagmana ng pinagtibay na Binhing Salita. Tiyak na hindi. Hindi siya makakasama sa Pag-agaw. Magiging miyembro lang siya ng iglesya, maaaring mapabilang sa ikalawang pagkabuhay na mag-uli, hahatulan batay sa kanyang narinig.

Kung ikaw ay narito ngayong gabi, at isa lamang miyembro ng iglesya, ano kaya ang magiging hatol sa iyo, kapag lahat tayo ay kailangan nang tumayo roon at sumaksing narinig mo ang Katotohanan? Kita n'yo?

Hindi na siya lumilipad sa kalangit-langitan, sa mga lihim na dako, sa supernatural, kung saan ang mga Kapangyarihan at mga kaitaasan, at ang mga pangako ng Walang Hanggan na Salita ng Diyos ay nagiging posible, "ang lahat ng bagay sa kanila na nananampalataya." Hindi niya paniniwalaan Iyon, sabi niya. Bumabalik siya kaagad mismo doon sa kawad ng telepono, at sabi, "Sinasabi ng denominasyon ko na ayos lang naman daw ang mga kuneho." Kahit na may mga uod pa ang mga iyon, pero, gayon pa man, "Mainam ang mga iyon," kita n'yo. Nakadepende siya roon.

131 Ang Pentecostal ay kapareho din ng kanyang makadenominasyong kapatid na buwitre, na nakaupo ngayon sa malalaking "upuan ng tagapayo ng masasama," tiyak nga, nakikinig sa kanyang makasanlibutang pulitikong mga pinuno na pinapakain siya ng pagkain ng buwitre na mga patay na kuneho, ng kung anong bagay na lumipas na, limampung taon na ang nakararaan. Ganoon na ang kalagayan ng iglesyang Pentecostal. Oh, naku!

132 Kung paanong pinilit ni Sarah na ipasakatuparan ang pangakong supernatural sa pamamagitan—sa pamamagitan ng isang personal na piniling si Hagar, ay gayon din naman ang iglesya, na pinipilit na magkarebaybal. Ang ating mga dakilang

ebanghelista sa mga bansa ngayon, "Isang rebaybal sa ating panahon! Isang rebaybal sa ating panahon! Lahat kayong mga Methodist, mga Baptist, mga Pentecostal, lahat ay magsama-sama." Paano kayo magkakaroon ng isang rebaybal ng sariwang Manna sa isang luma na, patay na, pangbuwitreng . . . ? . . . Paano kayo magkakaroon nito, ng rebaybal sa ating panahon?

Ang rebaybal ay magiging napakaliit na hindi nila malalamang nangyayari iyon.

133 Sabi ng mga Pentecostal, "Oh, may dakilang bagay na mangyayari."

Ito'y nangyayari na, at hindi nila alam iyon. Kita n'yo, ganun iyon. Kita n'yo? Siyanga, po. "Sapagkat kung saan naroon ang Sariwang Karne, ay doon magkakatipon ang mga agila," sadyang kasing tiyak ng sanlibutan. Kita n'yo? Iyon ang sinabi Nito. Ano ba ang Sariwang Karne? Ang Salita. Siya ang Salita, ang Sariwang Karne, si Cristo! "Si Cristo na nasa inyo," ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Talagang totoo Iyon!

134 Si Sarah, na sinisikap na matupad lahat ang mga pangako, nakita n'yo, sa isang malaking . . . katulad ng iglesya ngayon, "isang malaking rebaybal sa ating panahon," (sa pamamagitan ng ano?) sa binaluktot na pangako. Paano n'yo gagawin iyon, samantalang hindi kailanman pinagpala ng Diyos ang isang organisasyon?

Hindi Siya kailanman gumamit ng isang organisasyon. Noong lumabas ang isang mensahe, at nag-organisa sila, namatay iyon doon mismo. Hinahamon ko ang sinumang mananalaysay na ipakita sa akin kung saan bumangon muli iyon. Namatay iyon doon mismo at nanatili na roon mismo. Basta nagpatuloy lang ang Diyos palabas sa tagapagdala na iyon, patungo sa isang panibago; nagpatuloy palabas ng Lutheran, papunta sa Methodist; nagpatuloy palabas ng Methodist, papunta sa mga Pentecostal; ngayo'y lumabas na Siya sa mga Pentecostal, papunta sa Binhi.

135 Sapagkat, kailangan na ang Binhi iyon. Hindi mo madadaig ang kalikasan. Wala, wala nang iba pa roon para papangyarihin iyon kundi sa Binhi, kaya ilalabas ng Binhi ang Sarili Nito. Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; ang siya ring Haliging Apoy, na ipinapakita ang siya ring mga tanda, ang siya ring Kapangyarihan, ang siya ring Diyos, ang siya ring mga himala, ang siya ring bagay, na pinagtibay ang Salita at ang Biblia, nang sadyang tumpak na tumpak. Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nangunguna Siya, ngayong gabi. Tulungan nawa tayo ng Diyos na makita Iyon at sampalatayanan Iyon! Tunay nga!

136 Kita n'yo, si Sarah, ang iglesya, ang personal na pumili kay Hagar. Hindi iyon umubra. Di ba? Hindi. Ang personal niyang

piniling grupo ay hindi rin uubra ngayon. Ang mga doktor, at mga Ph.D., at mga L.L.D., ay hindi uubra. Ang lahat ng mga tagapagdala ay mabibigo.

Nabigo si Luther, katulad ni Hagar. Ano ba ang ginawa ni Hagar? Ibinigay ni Hagar ang kanyang anak sa dibdib ng ibang babae (tama ba?), upang palakihin ang kanyang anak. Ginawa iyon ni Hagar; ipinamigay ang kanyang anak, ang nag-iisa niyang anak, sa dibdib ng ibang babae (hindi sa ina nito), upang palakihin iyon. Ganoon din ang ginawa ni Luther noong ipinamigay niya ang kanyang anak, ang pag-aaring-ganap, sa isang denominasyon para paglaruan, ganoong-ganoon nga iyon, upang palakihin siya.

137 Nabigo din si Wesley sa paraan kung paano nabigo noon si Sarah, na pinag-alinlanganan ang supernatural na Kapanganakan bilang siyang bautismo ng Banal na Espiritu, katulad ng ginawa noon ni Sarah sa may punong encina. Noong ipinakilala si Wesley sa supernatural, noong dumating na ang kapanahunan ng Pentecostal at ipinakilala si Wesley sa pagsasalita sa iba't ibang wika at sa lahat ng Ito, pinagtawanan nila at nilibak Iyon. Lahat kayong mga church of Christ, at kayo, na mga tinagurian, at kayong mga Baptist, at mga Presbyterian, bawat isa sa inyo, hindi ninyo tinanggap, ang tungkol Dito, at nilayuan n'yo Ito. Siyanga. Ano ba'ng ginawa n'yo, Wesley? Ibinenta n'yo ang inyong anak sa isang organisasyon, at namatay iyon at nawala. Iyan ay tumpak na tumpak.

138 Subalit, ang Salita, ang tunay na Salita ay nagpatuloy. Hindi Ito nanatili sa organisasyong iyon. Nagpatuloy Itong kumilos patungo sa pentecostal, at nagdala pa ng mas marami. Mas gumulang na Ito na Anak, katulad sa Binhi na napasa loob ng sinapupunan; at, pagkatapos ng ilang panahon, nagsimula iyon sa gulugod, pagkatapos ay nagkaroon ng mga baga, at nagkaroon ng ulo at mga paa.

At, pagkatapos pa ng ilang panahon, dumating Iyon sa punto na Iyon ay naisilang. Siyanga. Kaya, ganoong gumulang ang Iglesya, sa ganoon ding paraan.

139 Si Wesley ay nag-alinlangan sadyang katulad ng nagawa ni Sarah noon sa may puno. Sabi niya. . . Noong ang Anghel ng Panginoon, isang Lalaki, na nakadamit na tulad sa isang. . . O, isang Anghel, ang Diyos, iyon noon, Mismo. Si Elohim, na nakadamit na tulad sa isang tao, ay nakatayo roon na may alikabok sa Kanyang damit, at sinabi na ibinigay na Niya ang pangako; matapos na si Sarah ay siyamnapung taon na, at si Abraham naman ay isandaan.

At palihim na tumawa si Sarah, at nagsabi, "Papaano mangyayari ito, samantalang si Abraham at ako ay hindi na, buweno, hindi na kami mga katulad ng mga kabataan, sa relasyong pampamilya, nang marahil sa loob ng dalawampung

taon na." Siya'y malapit nang mag-isandaan. Sabi, "Ako, magtatamo pa ng kasiyahan sa aking panginoon, ako na matanda na, at siya na matanda na, rin? At ang kanyang daloy ng buhay ay patay na, at tuyo na ang aking sinapupunan. Wala na ang aking dibdib; wala na ang mga ugat ng gatas. Papaano pa kaya ako magkakaroon niyon?"

140 Sinabi ng Diyos, "Ipinangako Ko na iyon. Darating pa rin siya, ano't anuman!"

141 Ganoon din si Wesley. "Papaano namin matatanggap ang mga iyan na pagsasalita sa iba't ibang wika, at Makalangit na pagpapagaling, at mga bagay-bagay. Hindi para sa atin iyan sa panahon na ito."

142 Sinabi ng Diyos, "Ipinangako Ko, 'Sa mga huling araw ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.'" Ipinangako Niya na gagawin Niya iyon, at Siya'y yumaon at ginawa pa rin iyon, ano't anuman. At ang iglesyang Wesleyan, kasama ng lahat ng maliliit na kapatid nitong polen, na mga Baptist, mga Presbyterian, at church of Christ, at mga Nazarene, Pilgrim Holiness, at United Brethren, at kung anu-ano pa, ay nangamatay na kasama mismo nito. At nagpatuloy sa pagkilos ang Iglesya.

Ngayo'y ano ang ginawa ng Pentecostal? Nag-organisa, katulad lamang ng talukap. Ganoon din ang ginawa nito. Inorganisa nito ang sarili nang sama-sama, inilagay nito ang sarili na gaya ng isang talukap. Siyanga.

143 Ang Pentecostal ay parang si Maria. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]. . .pistang pentecostal, tingnan n'yo kung ano ang ginawa ni Maria. Ano ba'ng nagawang pagkakamali ni Maria? Sa isang pistang pentecostal, minsan, nakaharap niya ang isang grupo ng mga dignitaryo, mga saserdote. Nang, ang kanyang Anak, hindi na niya Siya matagpuan saanman. At bumalik siya, ng tatlong araw na paglalakbay.

Naiwan niya Siya. Katulad ng modernong iglesya ngayon, mga tatlong beses na makalima, o dalawampu't lima, nang nang-iwan ang iglesya, mga limampung taon na ang nakararaan, o pitumpu't lima.

144 Naiwan Siya sa pistang pentecostal. Bumalik si Maria kasama si Jose, na tatlong araw, na hinahanap Siya. Hinahanap niya Siya; hindi Siya matagpuan.

Natagpuan niya Siya. Ano ang kanyang natagpuan? Natagpuan niya Siya sa templo, na nakikipagtalakayan sa Salita ng Diyos sa mga saserdote. At mismo sa harapan ng mga saserdoteng iyon, ang mga iginagalang na iyon, hinayaan ni Maria na bumaba ang tabing. Ginawa niya mismo ang bagay na hindi niya dapat ginawa.

Tawagin siyang, "Diyos; ang ina ng Diyos"? Ang isang ina dapat ay may higit na karunungan kaysa sa kanyang anak.

At sinabi niya, "Ang Iyong ama at ako ay hinanap Ka nang luhaan, sa araw at gabi." Huh! "Ang Iyong ama at ako," ipinapahayag na hindi supernatural ang kapanganakan, na si Jose ang ama ni Jesus. Itinanggi niya ang supernatural na kapanganakan.

Tinanggap ng Pentecostal ang pagsasalita sa iba't ibang wika. Itinanggi nila ang Kapanganakan ng Salita. Ganoon nga ang eksaktong ginawa nito. Tatanggapin nito ang marami Rito, ngunit ayaw tanggapin ang lahat ng iba pa Nito. Itinanggi nito ang Kapanganakan ng Salita, katulad ng ginawa ni Maria. Subalit, masdan, wala nang iba pang mga organisasyon pagkatapos Nito.

145 Masdan n'yo ang Salita Mismo, bagama't, lalabindalawang taong gulang, isang maliit na bagay pa lang sa loob ng talukap, sinabi Niya, "Hindi n'yo po ba alam na dapat Akong nasa gawain ng Aking Ama?" Itinuwid ng Salita ang iglesya, mismo diyan.

146 "Para saan ba't ginagawa mo ang lahat ng mga bagay na ito? Alam mong hindi mo puwedeng gawin ang *ganito*. Isasara namin ang aming mga pintuan; hindi ka namin papapasukin."

147 "Sapagkat hindi n'yo ba alam na dapat Akong nasa gawain ng Aking Ama?" Kita n'yo? Tiyak, tiyak, ang totoong supernatural!

148 Nahalina, inangkin nito na anak Siya ni Jose, na isa lamang tao. O, kung ano ang ginawa ng Pentecostal, inangkin lamang Siya bilang "isa sa tatlo." Whew! Alam ko na masakit iyon, "isa sa tatlo." Subalit Siya'y lahat ng tatlo, sa Iisa. Hindi Siya isa sa tatlo. Subalit ang Pentecostal, "Oh, oo, Siya ay ang Anak ng Ama, ng Espiritu Santo, saka pa . . . " Oh, naku!

Subalit ang tunay, na totoong Salita ay nagsasalita nang tuwiran, at nagsabi, "Hindi Sila tatlo. Iisa Sila." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Amen. Hindi n'yo ba alam ang Salita ng Diyos? Gawin itong hindi sila tatlo; kundi Isa.

149 Pansinin n'yo, wala nang magiging tagapagdala pa, na mga inang iglesya, mga denominasyon, pagkatapos nitong tagapagdalang talukap.

150 Sapagkat, pagkatapos ng talukap, ay wala na, wala nang nalalabi sa panahong iyon kundi ang Butil na lamang. Tama ba? Tiyak na ang Butil na. Kailangang ito'y kauri ng nabaon sa lupa, ni Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, isang Espiritu na dumating sa Nobya upang gawin ang ganoon ding mga bagay na Kanyang ginawa. Kita n'yo? Ito'y ang pagpapalabas na muli ng Butil.

151 Ang Salita, bagama't bata pa, ay nagsalita para sa Sarili Nito, "At hindi n'yo ba alam na dapat Akong nasa gawain ng Aking Ama?" Huh!

152 Hayun ang sikreto ng Mensahe ngayon, sadyang tumpak, "ang gawain ng Ama." Ano ba ang gawain ng Ama?

Maiisip n'yo ba kung ano ang gawain ng Ama, sa Kanya? Ang tuparin kung ano ang sinabi ni Isaias, "Isang birhen ang maglilihi." Papangyarihin kung ano ang sinabi ni Isaias, muli, "Lulukso ang pilay na parang usa," at ang lahat ng mga bagay na ito ay mangyayari. Katulad ng sinabi ni Moises, "Palilitawin sa iyo ng Panginoon mong Diyos ang isang Propeta, sa gitna mo, na gaya ko." Gawain iyon ng Ama, na tuparin ang Salitang iyon.

Buweno, kung dumaan iyon sa pamamagitan ng mga tangkay na iyon, sa kanila na mga babaeng natural; ano pa kaya dito sa mga tangkay nitong mga espirituwal, na babae na iglesya? Ang ibig sabihin ng mga iglesya ay mga babae, ang *mga babae* ay nangangahulugang "mga iglesya," pala. Tama ba?

Kung ganoon ay ano nga ba ito ngayon? "Dapat tayong nasa gawain ng Ama," ang Trigo ay hihiyaw, ang Butil. Siyanga, po. Ano ba ang dapat nitong gawin? Pagtibayin ang Malakias 4, pagtibayin ang Lucas 17:30, pagtibayin ang Mga Hebreo 13:8, pagtibayin ang San Juan 14:12, pagtibayin ang lahat ng Kanyang Salita. Pagtibayin ang Mga Hebreo, ibig kong sabihin. . .Apocalipsis, ang ika-10 kabanata, ang tungkol sa pagbubukas ng Pitong Selyo, at ng mga hiwaga ng Diyos; maging ang sa binhi ng serpiyente, at lahat na, ay mahahayag; ang pag-aasawa at diborsiyo at lahat ng iba pang mga hiwagang ito na itinago sa ilalim ng mga haligi sa loob ng matagal na panahon, mula sa mga teologo at iba pa, ngunit ito na ngayon ang panahon. Iyon ang gawain ng Ama.

Palagay n'yo ba'y tatanggapin nila Iyon? Gusto nilang maging kagalang-galang, at sinasabing, "Hindi Iyon itinuturo sa amin ng aming denominasyon." Ngunit itinuturo ng Biblia. Siyanga.

153 Pinapatotohanan Ito ng Diyos na totoo. Tiyak, Ito nga ay ginagawa nang ganap ang kapanahunang ito, kung kailan ang Pitong Selyo. . .O, pinatutunayan lamang na ang mga denominasyon ay naging mga tagapagdala lang, na iyon ay isa pa sa mga gawain ng Ama, upang magpatunay. At ang gawain na ngayon ng Ama ay ang ipakita sa inyo na ang mga denominasyon na 'yan ay hindi sa Kanya. Ang mga 'yan ay mga gawang-taong sistema na itinatanggi ang Salita. Tama. Pansinin n'yo.

Sasabihin n'yo, "Buweno, si Maria, ang bir-. . .dakilang birhen!"

154 Sa krus, hindi Niya ito kailanman tinawag na, "ina." Tinawag Niya itong, "babae," tagapagdala, hindi ina. Kita n'yo?

Totoo, tagapagdala nga ito ng Salita, ngunit hindi ito ang Salita. Siya ang Salita. Oh, oo.

155 Pansinin n'yo, rin, na hindi kinilala si Maria sa muling pagkabuhay na kasama Niya. Siya'y namatay at nabuhay na muli, sapagkat Siya ang Salita. Tagapagdala lamang si Maria. Namatay ito, at naroon pa rin sa libingan. Siyanga. Kaya, isa lamang itong tagapagdala, hindi Kanyang ina, hindi Diyos. Isa lamang itong tagapagdala na gaya ng mga iglesya. Siyanga. Ipinapakita na tagapagdala lamang ito, hindi ang Salita.

156 Magtapos na tayo sa pagsasabi nito. Oh, Pentecostal na mga lawin, palukso-lukso na katulad ng mga buwitre, nakikibahagi sa sanlibutan katulad ng ginagawa ng iba pa sa kanila, "may anyo ng kabanalan, na sapat na para madaya ang mismong mga Hinirang kung maaari, subalit tinatanggihan ang Kapangyarihan nito," katulad ng sinasabi ng propeta rito. Isang perpektong halimbawa ng sinabi ng Salita ng Diyos na mangyayari nga sa mga huling araw, isang kapanahunan ng iglesya ng Laodicea, "hubad, bulag, maralita, dukha, aba, at hindi alam iyon; nagpapahayag na malaki siya at mayaman, 'hindi nangangailangan ng anuman.'" At hindi alam na nagbago na siya mula sa pagiging isang lawin, isang kawangis na kapatid ng isang propeta, upang panatilihin na tuwid ang Salita ng Diyos; siya'y naging isang buwitre na, at pinapakain ang kanyang mga tao ng mga patay na eklesiyastikong kuneho. Tama ngang talaga. Gumising na kayo! Naku, papaano n'yo pa aasahan na maging kabilang, o mga tagapagmanang kasama ng mga agila, kung may ganyang mga bagay sa dakilang oras na ito kung kailan malapit na ang Pag-agaw?

157 Oh, Cristiano, oh, mananampalataya, kung hindi pa kayo naging lubos na mananampalataya, patuloy kang dumalo sa mga pagtitipon nang kaunting panahon pa (maaari ba?), may isang bagay tayo rito na naniniwala akong gusto ng Panginoon na malaman n'yo.

Lumalalim na ang gabi; hindi na ako puwedeng magtagal pa. Kailangan ko nang magtapos, at marahil ay magtatapos na bukas ng gabi. Ngunit, tingnan n'yo, iyukod natin ang ating mga ulo sa ilang saglit lang.

158 Ayaw kong pansinin n'yo kung anong gramatika ang gamit ko, subalit gusto kong makinig kayo ng sandali lamang sa sinabi ko. Napakalinaw nito na inyong mauunawaan ito, sigurado ako, kung nanaisin ninyo. Kung kayo'y narito ngayong gabi, at wala kayong ganitong karanasan . . .

Hindi ko sinasabing . . . Sasabihin n'yo, "Sumayaw ako sa Espiritu, lumundag-lundag." Oo, ginagawa rin 'yon ng mga lawin, katulad lang ng mga uwak at ng mga buwitre. Hindi iyon ang itinatanong ko.

Ano ba ang kinakain n'yo? Saan n'yo ba kinukuha ang pang-araw-araw ninyong pagkain? Saan ba kayo kumakain, mula ba sa Salita ng Diyos o sa isang matagal nang patay na hayop na ginamit noon, na maraming taon na ang nakararaan? Ang inyo bang karanasan, maging ngayong gabi, ay sa isang bagay na inyong pinulot maraming taon na ang nakararaan; o sariwa ba ito at bago ngayong gabi, bagong Manna na kahuhulog lang mula sa Langit, at Ito ang ipinapakain ninyo sa inyong kaluluwa, naghihintay sa kinabukasan para sa isang bagay na mabuti't mas mainam? Kung hindi kayo ganoon, ngayon na nakayukod ang inyong ulo at nakapikit ang inyong mga mata, at ang inyong mga puso'y nakayukod, tanungin n'yo ang inyong sarili ng sinserong tanong na ito. At hindi sa akin, kundi sa Diyos, maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay bilang isang testimonya, sa pagsasabi ng ganito, "Diyos, ihanda Mo po ang aking kaluluwa at ang aking espiritu, nang sa gayon ang tanging kakainin ko ay Salita ng Diyos lamang." Maaari n'yo bang itaas lamang ang inyong kamay, sabihing . . . Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos.

159 Hindi ko alam nang sadyang eksakto kung ilan ang naririto, na mayroon tayo, ngayong gabi. Mahina akong magtantiya ng bilang ng mga tao, subalit masasabi ko na hindi bababa sa isang bahagi ng tatlo, o higit pa, ang nagtaas ng kanilang mga kamay, na gusto nila ng nakahandang mga kaluluwa. Alalahanin natin sa panalangin ngayon habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo.

160 Minamahal na Diyos, may pananagutan lamang ako sa pagsasabi ng Salita. At sa pamamagitan nitong maiiksing simpleng mga talinghaga, maliliit na pagtitipo, nakikita ng mga tao na ang isa ay hindi magiging tagapagmana kasama ng isa pa. At alam namin na sa mga huling araw ay may mga taong aagawin pataas sa Kalangitan, at ang iba sa kanila ay naririto pa kapag dumating na si Jesus. At hinihintay namin Siyang dumating maging ngayong gabi.

161 At iniisip ko na tatlumpu, mga tatlumpu o tatlumpu't tatlong taon na ang nakararaan, ay nakaluhod ako noon dito marahil nang ganitong oras ng gabi, bandang alas-nuwebe o alas-diyes, nagdarasal para sa isang ama na naliligaw ng landas. Ngayong gabi, Panginoon, ako'y nananalangin para sa maraming mga ama, maraming mga ina, at mga kapatid na lalaki't babae. Maaari po bang Ikaw ay mahahabag, mahal na Diyos? Huli na para sa aking tatay na gumawa ng anumang bagay tungkol dito; lumipas na siya sa mga hangganan ng buhay na ito. At hindi na magtatagal, Panginoon, kaming lahat ay dadaan sa landas na iyon. Ako, rin, ay kailangang tahakin ang daang iyon. Bawat lalaki at babae, batang lalaki o batang babae, na narito, ay kailangang tumahak sa daang iyon. At mananagot kami para sa ginagawa namin sa Salita ng Diyos.

162 Gaano kaliit nagmistula ang taong iyon, sa mata ni David, noong dinuduraan siya nito! Gaano kaliit ang magiging palagay sa mga taong iyon, na dumura kay Jesus na Salita, kapag Siya'y bumalik nang muli, at sa mga umulos sa Kanya. Gaano kaliit ang mararamdaman ng mga tao na makalalakad palayo mula rito at nakikita na nga maging sa isang . . . maging hindi lamang sa kung anong mga dakilang salitang Griyego, at iba pa, kundi sa mismong kalikasan na itinuturo sa amin ang Diyos na Lumikha; nakikita ang mga tagapagdala ng Salita, at nakikita ang Salita Mismo, at nalalaman ang oras na kinabubuhayan namin, at ang panahon ng tag-ani ay narito na.

163 Minamahal na Diyos, huwag Mo kaming hayaang tumalikod Dito, para sa kung anong kahangalan ng sanlibutan, kundi hayaan kaming tanggapin Siya ngayong gabi nang buong puso namin. Panginoon, likhain Mo po sa akin ang isang mabuting espiritu, ang Espiritu ng Buhay, upang aking masampalatayanan ang lahat ng Iyong Mga Salita, at tanggapin si Jesus na Salita, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at manampalataya ngayon sa bahaging itinalaga sa kapanahunang ito. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus.

164 At ngayon ay tatanungin ko ang bawat isa sa inyo, yamang kayo'y naririto at pinag-iisipan ito, nang tunay na tapat. Wala kaming iglesya para salihan ninyo. May bautismuhan kami roon para mapagbautismuhan, "Marami sa mga nagsisampalataya ay nabautismuhan," kung hindi pa kayo nabautismuhan sa bautismong Cristiano. Hindi nangangahulugan iyon ng pagwiwisik, pagbubuhos; ang ibig sabihin nun ay paglulubog. Hindi sa titulo ng Ama, Anak, Espiritu Santo, kundi sa Pangalan ni "Jesus Cristo," katulad ng pagkabautismo sa buong iglesya noon, hanggang noong ipinakilala ng simbahang Katoliko noong 303 ang tatlong diyos at tatlong anyo ng bautismo, sa isang tatluhang titulo. Kung hindi pa kayo nagkakaroon niyan, bukas ng umaga ng alas-diyes ay may mga damit at gayong mga bagay na naghihintay sa inyo roon.

165 Maaari ba kayong lumapit at makiisa kay Jesus Cristo, hindi sa amin. Wala kaming iglesya maging dito para pangalagaan kayo. Magsimba kayo sa anumang iglesya na gusto n'yo, saanman ang pinanggalingan ninyo, subalit, pakiusap, manampalataya kayo sa Salitang ito. Sinasampalatayanan n'yo ba ito? Magsabing, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pagpalain kayo ng Diyos. Gawin nawa ninyo . . .

166 Kung may anumang bagay kaming maitutulong sa inyo, narito kami para gawin iyon.

167 Ngayon, alam ko na may mga maysakit dito. Naubusan na tayo ng oras, ngayong gabi, para sa isang linya para sa pagpapanalangin. Marahil magkakaroon din tayo nito, gayon pa

man. Gusto ko na ang bawat isa sa inyo ay gumawa ng isang bagay para sa akin. Nakaupo kayo malapit sa isang tao; ipatong ninyo ang inyong kamay sa taong iyan.

At walang pag-aalinlangan na ipinapatong ninyo ang inyong kamay sa isang agila, marahil ay isang agila na kumakain ng kung anong pagkain ng buwitre sa kung saan; tapos nagsawa na siya rito. Ayaw na nila iyon. Gusto na nilang lumabas mula rito. Sila'y sawa na at nasusuya na rito. Narito ngayong gabi at nakikita kung ano talaga ang makakain ng mga agila, ang Salita, at may buhay na Cristo na nabubuhay sa gitna nila, ipinakikita ang Kanyang Sarili na buhay, nananatili pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ayaw nilang maging tagapagmanang kasama ang mga talukap; susunugin ang mga iyon. Lahat ng mga dayami at mga gayong bagay ay susunugin. Ang makinang pang-ani ay parating na para pitpitin ang Trigo palabas. Gusto ninyong maging Trigo.

168 May ilan sa kanila na may sakit, ang ilan sa kanila ay may pisikal na karamdaman. Gusto kong manalangin ka, agila. Ipanalangin mo ang iyong kapatid na lalaki, kapatid na babaeng agila riyan, habang ipinapanalangin ko kayo rito. Nawa ang Espiritu ng Diyos ay sumainyo.

169 Tandaan n'yo, ang ibinibigay ko sa inyo ay ang Pagkain ng mga agila, ang pangako ng Diyos. Ang tawag Niya sa Kanyang mga propeta, ay "mga agila." Tinatawag Niya ang Kanyang Sarili na "isang Agila," Siya'y ang Jehovah na Agila. At habang nakapatong ang inyong mga kamay sa isa't isa, manalangin kayo para sa kanila.

170 Aming Makalangit na Ama, sinabi po ng Iyong Salita, na ang huling atas na ibinigay Mo sa Iyong Iglesya, ay, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo," ang pangkalahatang mga utos, "ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; magsasalita sila ng mga bagong wika; kung makainom sila ng bagay na nakamamatay, sa anumang paraan ay hindi makasasama sa kanila; kung sila'y makahawak ng mga ahas, hindi makapananakit sa kanila ang mga iyon; at kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling."

Oh Agilang Jehovah, pakainin Mo po ang Iyong mga inakay ngayong gabi sa Salitang iyon, Panginoon. Sila'y nangangailangan. Iyan ang pagkain na kailangan nila. Iyan ang kailangan nila, ang malaman kung ano ang Pagkain, kung ano ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

171 Ipinangako Mo po, kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa isa't isa, na sila'y magsisigaling. Oh Panginoong

Diyos, alisin Mo po ang lahat ng mga pag-aalinlangan at mga makabuwitreng kaisipan mula sa amin ngayon. At taimtim kaming kakain ng Pagkain ng Agila, ng Salita ng Diyos.

172 Hayaan na ang bawat karumal-dumal na espiritu na nasa mga taong ito, bawat espiritu ng pag-aalinlangan, bawat espiritu ng takot, bawat makadenominasyong pagkiling, bawat bisyo, bawat karamdaman, bawat sakit na nasa mga tao, ay magsilisan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, lumabas nawa ito sa grupong ito ng mga tao. At lumaya nawa sila magmula ngayong oras na ito, upang makain nila ang Pagkain ng mga Agila na sinasampalatayanan naming ihahatid Mo po sa amin sa buong linggong ito, Panginoon, na binubuksan ang mga Selyo na iyon at ipinapakita sa amin ang mga hiwagang iyon na naitago mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan, katulad ng Iyong ipinangako. Sila'y sa iyo, Ama. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

173 Lahat ng sumasampalataya at tumatanggap, magsitayo kayo, sabihin n'yo, "Sumasampalataya ako. Tinatanggap ko. Na kung ano ang ipinangako sa akin ng Diyos, ay tinatanggap ko." [Tumatayo ang kongregasyon na may tinig ng pagtanggap—Pat.]

Pagpalain kayo ng Panginoon. Iyan ay napakainam. Bawat tao ay nakatayo! Mabuti 'yan.

Isang tipa, *I Love Him*. Awitin natin ang awiting ito sa Kanya kung gayon, "I love Him, I love Him because He first loved me." Sabay-sabay ngayon.

I love Him, (kung ganoon nga, itaas natin ang
ating mga kamay) I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

174 Oh, hindi ba't kalugud-lugod Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Magkamayan tayo sa isa't isa. Kapatid na lalaki, na agila, umikot ka lang, kapatid na babae, magkamayan kayo, habang inaawit natin ito.

I love Him, . . .

Kapatid, na agila! Kapatid, na agila! Kapatid, na agila, na ibinabahagi ang Salita! Charlie, kumusta ka? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Masaya akong makita ka! Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid, na agila. Pagpalain ka ng Diyos.

On Calvary's tree.

Itaas natin muli ang ating mga kamay sa Kanya.

I love Him, I love Him
Because He first loved . . . (at ginawa Niya
kayong agila)
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

175 Papaano ninyo malalaman, papaano malalaman ng sanlibutan na mahal n'yo si Jesus? Kapag nagmamahalan tayo sa isa't isa. Ganoon na ang sanlibutan. . . Kita n'yo, nakikita ng Diyos ang inyong pananampalataya; nakikita naman ng sanlibutan ang inyong kilos. Mahalin ninyo ang isa't isa ngayon. Maging mabuti kayo sa isa't isa. Makipag-usap sa isa't isa. Maging matiisin sa isa't isa.

At anumang karagdagang mga pagtuturo na maibibigay namin, bautismo, paghahangad sa Banal na Espiritu. . . Wala tayong anumang mga silid dito para magawa iyon, nauunawaan n'yo. Ang pagtawag sa may altar, kung nahikayat kayo ng Diyos na tama nga Ito, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at gusto ninyong makiisa sa Kanya, pumunta kayo at magpabautismo sa Kanyang Pangalan, bukas. May mga kalalakihan doon para sabihin sa inyo ang gagawin. Anumang bagay na magagawa namin para makatulong sa inyo, ay gagawin namin iyon.

I love Him, I love Him

Kayong mga nasa telepono ngayon, sa Tucson, sa dako ng California, diyan sa may Silangan, itaas n'yo ang inyong mga kamay, diyan sa . . .?. . . Purihin Siya!

Purchased my salvation

Sino ba ang magpapauwi? [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham sa isang tao sa entablado—Pat.] Ngayon, hanggang bukas ng gabi, ibinibigay ko na sa inyo si Kapatid na Neville, ang ating pastor.

*Ang Binhi Ay Hindi Kasamang Tagapagmana Ang Talukap* TAG65-0218
(The Seed Is Not Heir With The Shuck)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Pebrero 18, 1965, sa Parkview Junior High School sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org